[redacted]

[redacted]

[redacted]

[redacted]

LIBRARY

MAGASIN NG BAGONG
# Buhay

MARSO 16, 1958



## SA ARAW NG KAMATAYAN NG ISANG DAKILANG LIDER

Pahina 2-3-4

## NAKATUTUWANG KASAYSAYAN NG ISANG MANOK NA TINALI

Pahina 26-27

[redacted]

[redacted]

[redacted]

[redacted]

# PAGKILALA SA KADAKILAAN NI MAGSAYSAY

**Sa pagsapit ng unang anibersaryo ng kamatayan ng Pangulong Ramon Magsaysay ay nararapat na gunitain ang mga nagawa niya sa kanyang bayan**



Hindi pa man nahahalal na Presidente, wala nang hinangad ang Pangulong Magsaysay kundi ang kabutihan at kaligayahan ng maliliit. Kaya naman nang siya'y maupo na sa kapangyarihan, ang pagmamahal na iniukol sa kanya ng bayan ay di mapapantayan—tulad ng ipinahihiwatig ng larawan.


MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave. Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON (LINGGO LAMANG)

Tatlong buwan . . . ₱3.00 Anim na buwan . . . ₱6.00

Isang taon . . . ₱12.00

Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa


MANANARIWA sa ating gunita na ganito ring araw ng Linggo isang taon na ang nakararaan, nang biglang magimbal ang sambayanang Pilipino bunga ng isang balita: ang "Mt. Pinatubo", aeroplanong kinalululanan ng Pangulong Ramon Magsaysay at ng kanyang dalawampu't lima pang kasama, ay hindi dumating sa takdang oras ng paglapag sa Manila International Airport mula sa Sebu. Ang mga mamamayan, laluna ang mga tagalunsod na unang nakatanggap ng balita, ay hindi nagkaroon ng katahimikan. Walang oras na di bukas ang mga radyo sa maraming tahanan. Lahat ay nag-aabang ng mga pahayagan upang malaman ang pinakahuling balita sa tunay na sinapit ng "Mt. Pinatubo". Ang mga walang radyo ay nakikipakinig sa mga kapitbahay o kalapit na tindahan; ang mga walang maibili ng pahayagan ay nanghihiram ng mga nabasa na o nakikibalita sa mga nakabasa nang kakilala o kapit-bahay.

At nang lumalatag na ang dilim nang araw ng Linggong yaon, sumambulat sa buong kapuluan ang malagim na balita. Patay ang Pangulong Magsaysay! Ang aeroplanong "Mt. Pinatubo ay inabot ng sakuna sa Bundok Manunggal sa Sebu, at sa dalawampu't anim na lulan niyon ay isang peryodista lamang ang himalang nakaligtas.

Sa simula'y marami ang ayaw maniwala. Pilit na iginiit ang pag-aalinlangan; na hindi tutoo ang balita... na yao'y isang pagkakamali lamang. Subali't sa wakas, ang lahat ay lumuluhang yumukod sa katotohanan. Patay na ang pinakamamahal nilang Lider!

Yaon nga, ang katotohanan: namatay si Ramon Magsaysay; datapuwa't namatay siya upang mabuhay lamang sa habang panahon ang isa pang dakilang bayani ng lahing kayumanggi. At ang pagkilala ng kanyang bayan — maging ng ibang mga bansa — ay pinatunayan at ipinakita sa iba-ibang kaparaanan.

Nang salubungin ng nagluluksang mga taong bayan ang labi ng Pangulong Magsaysay ay narinig ang mga impit na hikbi at panangis. At nang



ihatid siya sa huling hantungan, di mabilang ang nagpabaon ng luha at matataimtim na dalangin sa ikapapayapa ng kanyang kaluluwa. Ang dami ng taong nakipaglibing ay nangunguna na sa kasaysayan ng mga yumaong naging Pangulo ng bansa.

Dalawang araw pa lamang na napatitibayang opisyal ang pagkasawi ng Pangulong Magsaysay, ang konseho ng Siyudad Quezon, sa pangunguna ni Alkalde Amoranto, ay gumawa ng isang resolusyong humihiling sa Kongreso na palitan ng pangalang "Magsaysay Highway" ang "Highway 54". Hinggil dito, marami ang nasiyahan pagka't ang Highway 54, kungdi man pangunahin, ay isa na sa mga nangungunang lansangan sa kapuluan at siyang higit sa lahat ay karapat-dapat magtaglay ng pangalan ng yumaong Pangulo. (Nanawagan din si Alkalde Amoranto sa mamamayan ng siyudad Quezon upang makapagtayo roon ng isang monumento ng Pangulong Magsaysay.)

Ang mga kasapi ng **Federation of Free Farmers** ay nagpatibay naman noong Marso 25, 1957 ng balak na paglikom ng sapat na pondo para sa isang gusaling iuukol sa pagpapalawak ng kaalaman ng kabataan sa mga bagay-bagay tungo sa kaunlaran ng liblib na mga nayon. Ang gusaling iyon, ayon sa balak, ay makikilala sa tawag na "The Magsaysay Memorial Free Farmers Community Center."


Isa pang proyektong may ganito ring layunin ang ibinunsod naman sa pangangasiwa ni Gobernador Miguel Cuaderno noong buwan ng Mayo ng taon ding yaon. Tinawag na "Ramon Magsaysay Educational Foundation," ang isang bahagi malilikom na salapi dito'y gagamitin sa pagtutustos sa pagsasanay ng mga kabataang magsisipaglingkod sa ikauunlad ng mga bayan-bayan, at ang isang bahagi'y gugugulin naman sa mga hakbang na magbibigay sigla sa naisagawa na o isinasagawang mga palatuntunan sa lalo pang ikauunlad ng mga pook na rural ng Pilipinas.

Ang mga nabanggit na parangal na maiuukol sa Pangulong Magsaysay, ay nararapat lamang. Hindi matatawaran ang ginawang pagmamalasakit ng Pangulong Magsaysay sa kapakanan ng mga limot na bayani ng kabuhayang-bansa na dili iba't ang maliliit na magbubukid. Ang malaking bahagi ng kanyang panunungkulan ay iniukol niya sa mga pagbubunsod at pagpapatupad ng mga palatuntunan sa ikahahango ng maliliit na magsasaka sa kanilang dustang kalagayan.

Maging ang Estados Unidos, na higit na masigasig kung ihahambing sa ibang bansa sa pagkilala sa kadakilaan ng yumaong Pangulo, ay nagbigay-diin at kumilala sa mga layunin at **patakaran ng Pangulong** Magsaysay **bilang** isang lider. Hinirang ng bansang ito ang Pangulong Magsaysay upang siyang maging kauna-unahang tampok ng serye nilang selyo na iniukol sa karangalan ng mga kampeon ng kalayaan. At ang "Rockefeller Foundation" na bantog sa buong daigdig ay nanguna naman sa paglalagak ng pondong igagantimpala sa mapipiling lider mula sa labing-apat na bansa na mapagkikilalang nakagawa ng gaya ng natupad ng Pangulong Magsaysay sa pagpapanatili ng Demokrasya sa panig na ito ng daigdig. Ang gantimpalang ito'y makikilala sa tawag na "Magsaysay Award" at ipagkakaloob taun-taon sa karangalan ng yumaong kampeon ng kalayaan. **(Sundan sa 4)**

# *Magsaysay...*

**Higit kaysa alinmang bagay, ang pagmamahal kay RM ng bayan ay napatunayan nang ihatid siya sa libingan . . .**








Sa larangan ng panggagamot, sa kapakanan pa rin ng maliliit, ay isang institusyon naman ang itinatag ng University of the East, isa sa mga pangunahing unibersidad sa Pilipinas. Ito'y ang "UE Ramon Magsaysay Memorial Medical Center" na maglilingkod sa mahihirap na pasyente mula sa lunsod ng Maynila at sa mga karatig-pook.

At sa mga kabataang naging mabigat na suliranin ng bansa sa kasalukuyan, ang gunita sa Dakilang Lider ay magiging isang mabisang sandata pa rin, sapagka't ang kanyang kadakilaan ay isa nang huwaran sa mga susunod na saling lahi ng mga Pilipino. Nguni't hindi nagkasiya sa katotohanang iyan ang mga nagsipagtapos sa Castillejos Academy. Sa pamamagitan ng kanilang samahan ay nagbunsod sila noong Nobyembre, 1957 ng isang pananawagan sa lahat ng magkakaloob ng tulong upang makabuo ng pondong ₱200,000. Ang halagang ito'y iuukol sa "Magsaysay Memorial Playground and Atlethic Field."

Kaipala'y pagkilala rin sa kadakilaan ng Pangulong Magsaysay kung bakit ang halos lahat ng mananalaysay sa Ingles man at Tagalog ay nagtangkang sumulat ng kanyang talambuhay. Maraming aklat ang mabibili ngayon na naglalarawan ng kanyang mga kagitingan at tagumpay, bukod sa walang babasahing di naglathala ng kanyang kasaysayan.


Sa Iba, Zambales ay isa pang walang kamatayang alaala ng dakilang Kampeon ng Mahihirap ang ipinahayag na itatayo — ang "Magsaysay Memorial Hall". Ang bulwagang ito'y walang liwag na magiging sentro ng mga kilusang sibiko ng nasabing bayan.


Marami ring nayon at mga bayan ang nagbalak (ang iba'y naisakatuparan na ngayon) na palitan ng "Magsaysay" ang mga pangalan. Isa nang mababanggit ang Linugos, Misamis Oryental na noon din ay tinawag na bayan ng "Magsaysay."

Gaya ng nabanggit na sa unahan, maging ang mga tagaibang bansa ay naging masigasig sa pagkilala sa kadakilaan ng yumaong Pangulo. Hindi pa natin nalilimot na ang lahat ng pahayagan sa Pilipinas noon ay kinalathalaan ng mga pakikiramay mula sa halos lahat ng bansa ng malayang daigdig. At noong Septiyembre ng taong 1957, ang bansang Hapon ay nagpadala rito ng dalawang malaking parol na bato na tinatawag nilang "Ishidoro" bilang aginaldo sa mga Pilipino. Makaaantig kanginuman ang nangakatitik sa dalawang alaalang iyon: "To The Heroic Soul Of Pres. Magsaysay 'as a Gift to Filipino People" (Sa Magiting na Kaluluwa ng Pang. Magsaysay, Bilang Handog sa mga Pilipino). .

Ang mga iyan ay masasabing bahagi lamang, kung babanggitin pa ang mga monumentong binalak, binabalak o naitayo na sa alaala ng Pangulong Magsaysay. Katunayan, mabibilang ang mga munisipyong di nagpahayag na sila'y magtatayo ng monumento ng yumaong Pangulo. Sa mga monumentong itatayo pa sa karangalan ng Pangulong Magsaysay ay una nang mababanggit ang isang itatayo sa pook na pinangyarihan ng sakunang kumitil sa kanyang buhay. Ito'y ang ibinunsod ng Patria de Cebu Employees Association. Yari sa tanso at kasukat sa tunay na buhay ng yumaong Pangulo, ang monumentong ito ay nakatakdang buksan bukas, Marso 17, 1958, sa Plaza Independencia sa Lunsod ng Sebu at Asturias. Ang panauhing pandangal ay ang naging Unang Ginang ng Bansa, Gng. Luz Banzon Magsaysay.

At bukas din, sa ganap na ika-isang taon ng malagim na sakuna sa Bundok Manunggal, ay muling mananariwa sa gunita ng bansa ang isang Magsaysay, ang kanyang kadakilaan, ang kanyang halimbawa, ang kanyang pamana sa isang lahing uhaw na uhaw pa sa





Ito ang libingan ng yumaong "Kampeon ng Mahihirap". Simple lamang ang kayarian at ang mga nakasulat ay sa wikang tagalog, hanggang sa kamatayan ay ipinakilala niya ang pagmamahal sa bayan at sa karaniwang mamamayan.

Kuha ang larawang ito sa libingan, nang malapit nang ilibing ang dakilang lider. Sa buong sementeryo ay narinig ang mga impit na pananangis ng naulilang mga kaanak at ng namimighating mga taong bayan. Ang sandaling iyon ng matinding kalungkutan ay di na malilimot ng lahat. Makikita sa larawan ang ilang pinuno ng pamahalaan, ang naging Komisyonado Manuel P. Manahan ng Aduana at ang ilang kaibigan ng yumao, samantalang pinapayapa ang kalooban nina Gng. Luz Banzon Magsaysay.

mga lider na tulad niya. Bukas ay mababatbat ng palatuntunan ang mga radyo at ang mga pahayagan ay mapupuno ng mga lathalang minsan pang dadakila sa alaala ng Pangulong Magsaysay. Ang mga paaralan sa lahat ng sulok ng kapuluan ay magdaraos ng mga palatuntunan sa isang paksa: Ramon Magsaysay. Mag-uukol din ng tanging misa ang lahat ng simbahan, at ang buong bansa ay mananalangin sa kaluwalhatian ng kanyang kaluluwa. Dudumugin na naman ng libu-libong mamamayang Pilipino ang kanyang libingan upang alayan ng mga sariwang bulaklak at mga dalangin. Magdaraos din doon ng isang luksang parangal. At ayon sa Malakanyang, ang pararangalan, ang Pangulong Magsaysay, ay pagkakalooban sa pamamagitan ng kanyang kabiyak ng "Golden Heart Presidential Award", pinakamataas na karangalang maihahandog ng ating republika sa isang naging Pangulo ng bansa. At marahil, sa mga labi ng naging Unang Ginang ng Bansa ay minsan pang mamumutawi ang mga katagang ito: **"Ang pinakadakilang pagpaparangal na maiuukol sa aking kabiyak ay ang pagsugpo sa kahirapan ng pamumuhay at pagkagutom sa bayang ito."**


—PONCIANO SALEN


SANTA CLARA

HIGIT NA NAIIBIGAN SA PILIPINAS

Ang SANTA CLARA PLYWOOD ay naiibigan ng lalong pihikan at maseselang sapagka't ito ay—

- **maingat na pinili** mula sa pinakamahusay na kahoy sa Pilipinas sa ilalim ng lalong pinakamahihigpit na tadhana ng mga **tagapamahagi ng plywood sa Estados Unidos**, at **pinanagutang** ligtas mula sa mga kapinsalaan sa pagyari.
- nagtataglay ng **magagandang kilabot at kapinuhan ng uri, na niyari sa lalong nakasisiyang paraan** na kilala sa mga kalagayan sa tropiko, at higit na pinainam upang tumugon sa panlasa ng **lalong maseselang na Pilipino.**
- MURA ANG HALAGA sa kabila ng patuloy na pagtaas ng halaga ng ibang bilihin upang umayon sa **palatuntunan ng pagtitipid ng pamahalaan,** at tumugon sa pangangailan ng mga matatalinong nagpapatayo ng bahay.



PLYWOOD

sapagka't and *Uri* nito ay tumatagal sa mga pagsubok!

STA. CLARA LUMBER CO., INC.
Manufacturers of SANTA CLARA PLYWOOD
Exporters of Philippine Mahogany
General Managers, PLYWOOD INDUSTRIES, INC.
2501 TECSON, TONDO, MANILA - TEL. 3-69-21


*You can tell the Best from the rest...*

Dalawin ang Sta. Clara Lumber Co. — Plywood Industries Exhibits sa IDC Pavilion ng Philippine National Exposition, Maynila.


# MGA BALITANG PANDAIGDIG (SA LARAWAN)



**AKO NAMAN... AKO NAMAN! —** Iyan ang tila inihihiyaw ng bawa't isa sa likuran ng mga nauuna. Naganap ang tagpong ito sa "fountain" ng plasa ng siyudad ng Arequipa, Peru pagkaraang masira ang serbisyo ng tubig sa naturang lunsod dahil sa isang malakas na lindol na nakasawi ng 24 na tao. Ang bukal sa plasa ay madaling naubos!




**DELIKADONG SIYUTING —** Ganito kung kunan ng pelikula ang mga tagpo sa mga panoorin sa puting-tabing na naglalarawan ng pag-akyat sa matatarik at mapapanganib na bundok. Higit na nakatatakot ang ginagawa ng umaakyat: nagbabaon siya ng mga turnilyo sa matigas na bato (ang larawang ito'y sa kabatuhan ng kilalang "World's Roof," malapit sa Dinant, Belhika) at pagkatapos ay itatali niya roon ang isang lubid na pinagbuhol-buhol — na tila isang hagdan— saka siya aakyat sa pamamagitan nito.




**MAY NAPAPASO BA SA KANO? —** Sila'y mga tauhan ng army ng Estados Unidos at "nagpapakita" ng paggamit ng bagong kasuotang gagamitin mula ngayon ng mga "kaaaway ng apoy" sa Ft. Belvoir, Va. Niyari ng Army Engineer Research and Development Laboratories, ang kasoutang itong yari sa nagdiringas na inaluminyuhang papel ay kapakipakinabang sa mga bumbero.

**TINDAHANG LUMALAKAD** — Mukhang lumalakas ang negosyo para sa Intsik na itong nakapagbibili ng kanyang mga paninda sa pamamagitan ng pagdadala niyon sa mga mamimili. Taga-kaohsuing, Pormosa, ang lahat ng "produkto" ng tinderong ito ay dala niya sa isang kariton. Maaaring mababang opisyo ito, nguni't di matatawaran ang kanyang kinikita lalo't iisiping ang mga ipinagbibili niya ay gawa ng kanyang ina at mga kapatid na babae. May ganitong mga tindero rin sa Pilipinas, ang kaibhan nga lamang ay papasan ang ginagawa nila sa kanilang mga paninda.



**BATANG-BATANG IMBENTOR** — Siya'y maglalabinlimang taong gulang lamang at ang kanyang pangalan ay Richard Harkness ng Wilmington, Del. Kuha ang larawan sa kanyang munting laboratoryo samantalang pinagbubuu-buo niya mula sa mga di na ginagamit na bahagi ng mga lumang radyo ang isang "pangkontrol" sa paliliparin niyang "rocket" (kanan) na siya rin ang may gawa.





# NASUBO SI MANG UNDONG

SA NAYON ng Walang Pinagkatandaan (binabalak nang palitan ang pangalang ito) ay kilala si Mang Undong sa pagiging palikero para sa kanyang mga anak na binata. Ibig sabihin, mahusay manligaw si Mang Undong para sa kanyang mga anak. Dalawang anak na niya ang nakapag-asawa sa pamamagitan ng kaparaanang siya ang "lumigaw" sa mga babaing napangasawa ng mga iyon.

At kamakailan lamang ay nabalitang may nililigawan na naman si Mang Undong: si Tale — para naman sa anak niyang bunsong si Bino. Alam ng mga taga-baryo na nagkagusto nga si Bino kay Tale; at si Tale naman ay tila may panglingin din kay Bino. Ito'y alam din ni Mang Undong. Nguni't ang ipinagtataka niya ay kung bakit tila nagkakalayo ang dalawa, bagay na ikinababahala niya pagka't malaki ang "kursunada" niya kay Tale upang maging manugang. Mabuti ang ugali ni Tale at magaling sa komersiyo. (May tindahan ng sari-sari si Tale.)

—Bakit naman, Ineng, tila hindi kayo nagkakaayos ni Bino ko? —isang araw umano, ay sabi ni Mang Undong kay Tale sa tindahan nito.

—Hus, h'wag n'yo ngang mababanggit-banggit ang anak n'yo. Mang Undong. Utang na loob ho, h'wag na, —sukli daw naman ni Tale. At pumasok daw ito sa loob at hindi na nakiharap kay Mang Undong.

Natawa lang daw si Mang Undong. At mula noon ay napagkikita na siyang kausap na lagi ni Tale. Iisa ang inisip ng mga taga-baryo: Inililigaw ni Mang Undong si Bino. At iisa rin ang inisip nilang mangyayari: makukuha ni Mang Undong si Tale.

KAKATLO sa gabi ay nagkatutoo ang hula ng mga tagabaryo; nguni't sa lahat ng tagumpay ni Mang Undong ay masaklap ang isang iyon. Napaibig nga niya si Tale kay Bino at naiuwi niya nang gabing iyon, nguni't si Bino ang hindi umuwi. Gayunman, sa kanila na niya pinatulog si Tale sa pag-asang uuwi si Bino sa hatinggabi o sa madaling-araw. Malimit na gayon kung umuwi ang binata.

Nguni't dalawang araw pa ang lumipas bago umuwi si Bino. At ang masakklap nga'y may uwi itong asawa. Nanligaw pala si Bino sa ibang bayan!

Ngayon ay nananawagan kami sa mga mambabasa upang tulungan si Mang Undong. Hindi niya malaman ang gagawin kay Tale na hindi niya maangking manugang pagka't may asawa na si Bino; nguni't hindi rin niya mapauwi pagka't ayaw nang tanggapin ng mga magulang. Tulungan ninyo si Mang Undong. * * *

# PAGTATABOY NG INIT... NGAYONG KATAG- ARAWAN








KATULAD DIN dito sa Pilipinas, ang kababaihan ng Amerika ay may kani-kaniyang paraan ng pagpapalamig kung sumasapit ang tag-init. Makikita sa mga larawan ang ilang Amerikana sa iba-ibang anyo at ayos samantalang nagtatamasa ng kasiya-siyang mga sandali sa gitna ng kainitan ng panahon.
Subali't sa mga larawan nilang iyan ay hindi pagtataboy lamang ng init ang kanilang naisasagawa. Hindi nila nalalaman ay nakaaakit sila ng paghanga ng marami — laluna ng kalalakihan.
(Sino, sa ganang inyo, sa mga nakalarawan ang higit na kaakit-akit sa anyo at sa taglay na kasuotan? Para sa amin, pare-pareho. Walang-itulak-kabigin!)







## *Ensaladang Melon*

ni glo morales

2 maliliit na melon at ½ pakwan
4 na hating peras (de lata o sariwa)
¼ tasang katas ng kalamansi
**blueberries** (kung wala'y duhat ang gamitin)
2 suha (maliliit)
mayonesa
**chicory** (kung wala'y letsugas ang ipampalit)

Hiwain nang pahati ang melon saka alisin ang ubod. Pagkatapos ay hubugin nang bilug-bilog ang melon sa pamamagitan ng paggamit ng **melon spoon** o kasangkapang hugis-bilog. Hiwain din nang pahati (manipis na hiwa) ang suha. Hiwain nang pahaba ang pakwan at alising lahat ang mga buto. Pagkatapos ay pigaan ng katas ng kalamansi ang peras, melon at pakwan. Hugasan ding mabuti ang **blueberries** o duhat.

Pagkahanda ng lahat, iayos ang mga bungangkahoy sa ibabaw ng pinalamig na **chicory** o dahong letsugas na nakahanay sa isang malaking **salad bowl.** Ilagay ang mayonesa, sa isang kristal na maliit saka ilagay sa gitna ng **bowl,** tulad ng nakalarawan.

## *"Chicken ala Maryland"*

1 manok (malaki)
6 na kutsarang asin
6 na kutsarang mantika
4 na itlog ng manok
4 na tasang binayong tinapay
parsli

Pagkatapos malinis ang manok, tilarin sa katamtamang piraso.

Batihin naman ang itlog ng manok na kasama ang asin saka itubog ang mga tilad ng manok. Pagkatapos ay igulong naman sa binayong tinapay ang bawa't piraso.

Ihanay sa kristal o **pyrex** na pinahirang mabuti ng mantikilya o mantika saka ipasok sa pugong may katamtamang init. Patagalin doon nang mga isang oras at labinlimang minuto saka ihaing may gayak na parsli sa ibabaw. Lalong mainam kung ihahaing mainit.

# mga pagkain natin



Ang mga resipeng ginagamit na mga produkto ng Standard Brands of the Philippines, Inc., ay iminuwestra ni Bb. Ching Cruz ng Del Rosario Brothers, Inc. sa Chronicle Cooking Demonstrations na ginanap kamakailan sa Chronicle Club.

## ANG PARAAN NG PAGMUMUWESTRA SA PAGLULUTO

*Standard Brands of the Philippines, Inc.*

Kung kayo'y magmumuwestra sa pagluluto:

1. Kailangang maging malinis ang inyong damit.
2. Bago magsimula, kailangang alam na ninyo ang lahat ng gagawin at sasabihin.
3. Ayusin ang lahat ng mga sangkap at ng mga kasangkapan sa isang bandeha at ilagay sa mesang gawaan.
4. Maghanda ng malinis at basang tuwalya, tiklupin at ilagay sa bandeha upang maipanlinis agad sa anumang matatapon, kung sakaling ito'y mangyari.
5. Maghugas ng kamay bago magmuwestra sa pagluluto.
6. Linisin ang mesang gawaan at hugasan ang mga kasangkapang inyong ginamit.

Ibig ba ninyong magmuwestra sa pagluluto ng tinapay sa "Sally Lunn?" Sakaling ibig ninyong mag-anyaya ng ibang makakatulong, pag-usapan ninyo ang kani-kaniyang gawain.

ANG PAGLULUTO NG "SALLY LUNN"

**Bago magsimula ng pagmumuwestra:**

1. Gumawa ng masa ng "Sally Lunn," isang oras bago magmuwestra. Itabi muna bago umalsa; ito ang inyong ipakikita pagkaraang makagawa ng isa pang masa para sa pagmumuwestra.
2. Ilgay ang isang sipi ng resipe sa mesang gawaan.
3. Ihanda ang lahat ng mga kasangkapang gagamitin ninyo.
4. Sukatin ang bawa't sangkap at ilagay sa isang tasa o plato. Maaari rin namang balutin ang mga tuyong sangkap sa papel na "wax." Isulat sa maliliit at malilinis na papel ang ngalan ng bawa't sangkap at idikit iyon sa ibabaw ng bawa't sangkap. Mas daling matandaan ang paraang ito.
5. Pahiran na ng mantikilya o mantika ang paglulutuan.
6. Palamigin ang ininit na gatas at ang mantika sa malaking tasa na paghahaluan ng mga sangkap.

SAMANTALANG NAGMUMUWESTRA:

**Ipakita ang dapat gawin**

1. Ipakita ang ininit na gatas sa lutuan. Idagdag ang asukal, asin at mantika. (Ipakita ang tasang paghahaluan ng mga sangkap na may pinalamig na gatas at mantika na inihanda bago magmuwestra.
2. Magbudbod ng **Fleischmann's Active Dry Yeast** sa ¼ tasang maligamgam (mainit-init) na tubig.
3. Idagdag ang 2 tasang asukal at batihin hanggang maging makinis.
4. Ihalo ang pinalambot na **yeast.**
5. Idagdag ang itlog at batihing mabuti.
6. Idagdag ang natitirang arina at batihing mabuti ang masa.
7. Alisin ang lahat ng masa, pati ang nasa tabi. Gumamit ng "rubber scrapper" o kaya'y "spatula."
8. Takpan ang tasa ng tuwalya o papel na **wax** o takip ng kaldero.
9. Ilagay ang tasa ng masa at ibabaw ng kaldero na may malahiningang tubig upang umalsa.
10. Ipakita ang tasa ng masa na dating ginawa mo bago magmuwestra ng pagluluto. Iyong umalsa na. Kumuha ng ibang masa at ipakita kung paano mamasahin ito.
11. Ilagay ang masa sa lutuang pinahiran ng mantikilya.

**(Sundan sa pahina 19)**

# MGA PAMBAHAY

Sadyang para sa bahay lamang nararapat isuot ang mga doster at kailanman ay hindi magandang makitang ipinampapanao ninyo.

Upang lalong maginhawahan sa mga kasuotang ito, ang mga telang may kakapalan nang bahagya ang gamitin nang hindi na kailanganin pa ang mga kasuotang pangloob.







# Isang Tin-Edyer Sa Tatlong Kasuotan



Ang Tin-edyer:
Si ANDREA DACANAY, nahirang na "pinakahuwarang tin-edyer ng taon" at lakambini ng KADIPAN. Anak nina G. at Gng. Antonino Dacanay ng San Juan, Rizal, si Baby (siya ring pabalat) ay nasa unang taon ng sekretaryal sa PCC.

Ang mga Kasuotan:
- Blusa at palda, para sa pagpasok sa paaralan (itaas).
- *Cocktail dress*, para sa pagdalo sa mga pagtitipon (kanan).
- *Jeans*, para sa paglalaro (kaliwa, ibaba).

*Larawang kuha ni Evaristo Nievera*





# *Disenyong Pamburda*

Nang nakaraang Linggo, napalathala na sa pitak ding ito ang mga titik na *Mr.* at *Mrs.* subali't mapapansin ninyo ang bahagyang pagkakaiba ng paraan ng pagkakaguhit.

Paggupit-gupitin o paghiwa-hiwalayin ang bawa't isa sa mga ito. Pagkatapos na maiburda ang *Mr.* maaari namang ang ibang salita ang iayos sa gitna ng mga bulaklak.






PASULYAP NA tiningnan ni Nato ang babaing katabi ng lalaking nakatabako. Sumasagisag ng mariwasang pamumuhay ang kagayakan ng babae. Walang sagimsim ng pangamba ang tinig ng babae. Buhay at matinis ang halakhak niyon.

Tumanaw sa labas ng bintana ng bus si Nato. Mabilis ang pagdaraan ng mga bahay na pawid, ng mga punungkahoy, ng mga palayan at tiwangwang na lupa sa kanyang paningin. Hindi humihiwalay sa sasakyan ang naglalayag na buwang parang ipininta sa mabituing langit.

—...tipak! —Tumiim sa isip ni Nato ang walang pangambang tinig ng babae. —At akalain mong ikalawang araw ko pa lamang pagpunta roon!

Ibinuga ng matabang lalaki ang usok pagkatapos alisin sa bibig ang hinihitit na tabako. Madaling nawasak ang pumailanlang na usok sa bayo ng hangin. Pairap na tinapunan ng tingin ng dalagang nasa likuran ang nananabako.

—Ganu'ng-ganon din nang makuha ko'ng siguro ni Mister Velasco, —anang lalaki. —Isang kisap...

—Mamang ano, —ang nagsalita'y ang dalagang nasa likuran ng matabang lalaki, na, ikinatigil nito sa pagsasalita, —nga tabako lang ninyo...

Magkasabay na napalingon ang babae't ang lalaki sa nagsalita. Nakikiming ngumiti ang dalaga sa pagsalubong ng nag-uusisang paningin ng



# Buwan: Maliwanag... Mataas...

**Sa tanglaw ng liwanag ng buwan ay naganap ang isang madulang yugto ng buhay na kaipala'y di inaakala maging ng mga tauhang nagsiganap**

***ni Eduardo Bautista Reyes***

dalawa.

—Kung maaari ho lamang na...

Magkasabay ding nagbawi ng paningin ang matabang lalaki at ang katabing babae.

—Talagang kung papalarin ka sa negosyo'y ke dali-daling kumita, —anang babae. —E, nasaan na ba tayo, Mino?

Tumanaw ang lalaki sa labas ng durungawan. Nag-aanyaya ang liwanag ng buwan na maglakad sa ilalim niyon, mamasyal.

—Malapit na tayo, —tugon ng lalaki.

—Aywan ko nga lamang ba't ang iba'y...

—O, ang sabihin mo'y sinasangkalan lamang ng marami ang dahilang walang mapagkakitaan! Talaga lamang may mga taong tamad... walang pagsisikap!

—Mama...

Itinapon ng lalaki ang tabako nang hindi man lamang tinapunan ng sulyap ang dalaga sa likuran. Saglit na lihim na nagtinginan ang dalawa.

Kaya? naisip ni Nato. Sadya nga kayang pagsisikap lamang ang kailangan? Kung basta mabuhay lamang, oo. Nguni't hindi lamang iyon ang hangarin ng bawa't linikha. Hindi hanggang sa mabuhay lamang.

Hindi niya inaasahan ang biglang pagliko ng bus na kanyang ikinasandig sa balikat ng katabing pasahero. Nag-angat ng ulo ang nagbabasa at tiningnan siya.

—Hi —hindi ko kayo sinasadya, Miss, —aniya.

Ni hindi siya tinugon ng katabi at nagpatuloy iyon sa pagtunghay sa aklat na binabasa. Isang estudyante, naisaloob niya. Kaipala'y galing sa pamantasan. Bagay na bagay ang itim na salamin sa kaputian ng mukha niyon.

—Dahan-dahan naman, mama!

Napalingon ni Nato sa pinanggalingan ng tinig. Isa iyong babaing nasa katanghalian na ang gulang. Isang bata ang katabi niyon.

Nagtayngang-kawali lamang ang tsuper.

—Tingnan n'yo'ng kustumbre ng mga tsuper na 'yan! —Kung kangino sinasabi ng babae iyon ay aywan ni Nato.

—Siyanga ho, —tugon ng katabi ng babae. —Kaya tuloy maraming aksidente sa sasakyan, e!

—At pagsabihan mo namang ingat-ingatan ang pagmamaneho, e ni hindi ka pansinin! Bagay d'yan sa mga tsuper na 'yan, e...

—At, tingnan ninyo naman pag nahuli na ang mga saragate't akala ninyo'y pagkaaamong kordero.. Pero, huwag kayo't parang mga nakakawalang hayop sa kural pag nasa manebela na!

—Ibig lang ho nilang kumita, —anang katabi ng dalawang naguusap.

Kaipala'y may-ari ng sasakyang-pampasahero ang lalaking yaon, naisaloob ni Nato.

—Ku, —anang babaing sumay'ay sa tsuper, —ang sabihin ninyo'y para madaling makabuwelta't lumaki ang kita!

Hindi nakakibo ang kausap ng babae.

Bawa't isa'y ibig kumita, naiisip ni Nato, nang malaki... ng higit sa hinihingi ng pangangangailangan. Walang masama doon. Talagang dapat paghandaan ang kinabukasan. Nguni't bakit parang may sadyang pinagbubuntunan ng kapalaran ang tadhana? Paris na lamang ba ni Don Pablo. Sino ang makabibilang sa salaping pumapanhik kay Don Pablo sa loob ng isang araw? Walang halaga kay Don Pablo ang isang libong piso kung tutuusin. Katunayan, sa bakod na bakod lamang ng mala-Malakanyang na tahanan ni Don Pablo'y gumastos iyon, ani Mang Paulo, ng

(Sundan sa pahina 27)

## Diosdado Macapagal: Sugo ng Mahihirap

# *Mumunting Liwanag*

**Para kay Dadong, ang mumunting liwanag ay sapat nang tumanglaw sa isang madilim na sulok; at iyon ay hindi niya babayaang maglaho**

***Sinulat ni Mario M. Nieves***

**BAKAS NG NANGAKARAAN**

**Ang mag-asawang Romana Pangan at Urbano Macapagal ay naninirahan sa isang bahay na pawid sa baryong malapit sa kabayanan ng Lubao, Pampangga. Bukod sa paminsan-minsang pagpapalathala ng mga tula at pag-akda ng mga dramang ipinalalabas sa mga sarsuwela, wala nang ibang pinapasukang gawain si Urbano. Sa gayo'y ang kanyang inang si Aling Escolastica ang gumanap ng kanyang tungkuling paghahanapbuhay. Pinipilit namang ipagwalang-bahala ni Romana ang pagiging balaybag ni Urbano sapagka't noo'y nakatakda siyang magsilang ng ikalawang sanggol. At isang araw na wala si Urbano, noong Septiyembre 28, 1910, isinilang ni Romana ang sanggol at iyo'y pinangalanan nilang "Diosdado," bilang pagtuturing na iyon ay kaloob ng Diyos.**

**Naranasn ni Dadong ang mga unang kahirapan: siya ang nagsasaing, tumatalong sa pag-igib, namumulot ng palay at pumapasok sa Lubao Elementary School nang nakayapak at nakapulot. Kung namamasyal silang mag-anak sa Gutad upang umiwas sa pagkagutom, siya ang nagsusuga ng kalabaw, naghuhukay ng paros at alimasag, nanghuhuli ng palaka, at nangingisda. Isang araw ay nataob ang sinasakyan niyang bangka at nasuot sa butas sa gilid ng ilog.**

**(Karugtong)**

BAGO TULUYANG nawalan ng lakas si Dadong ay nakakapit siya sa gilid ng bangka. Pilit niyang binila nang paitaas ang katawan.

Paglitaw ng kanyang ulo sa ibabaw ng tubig ay huminga siya nang malalim. Sa gayong pagsasagap ng hangin ay unti-unting nanumbalik ang kanyang lakas.

Marahang sumampa siya sa bangka, at pagkatapos ay sa gilid ng ilog. Isang suliranin ang sumurot sa kanyang isip: iwan kaya niya ang bangka, o muling pagsumikapang ialis iyon sa butas? Nguni't kung iiwan niya iyon ay maaaring tangayin ng malalakas na agos at hindi na siya makapagpapakita pa sa mga Vitug; kung itutulak naman niyang muli nang paitaas ay manganganib uli ang kanyang buhay.

bangan ay maituturing nang isang malaking pagkakasala. Kung nakakagalitan man siya at napapalo, iyo'y dahil sa pagmamalasakit na rin ng ina sa kanyang kapakanan.

Walang sinasayang na panahon si Aling Romana. Sa pamamagitan ng paggamit sa panahong yao'y nakakapakinabang siya ng kahit dalawa o tatlong pera. Ito'y ang pinagbibilhan niya sa mga dahon ng saging na pinipitas ni Dadong sa kanilang bakuran.

Sa buong kahabaan ng Kalye Cucu ay marami ang gumagawa ng mga suman sa lihiya, kaya kailangan ang mga dahon ng saging.

Kapag wala nang magamit na papel si Dadong sa pag-aaral, namimitas siya ng mga dahon ng saging na ipinagbibili ni Aling Romana sa mga magsusuman. Ang ilang perang napagbibilhan dito'y nakatutugon sa kanyang pangangailangan sa papel.

WARI'Y masidhi pa rin ang pangangailangan ng magkapatid na Dadong at Israel pagdating sa paghahatian ng pagkain.

Halos sa tuwing darating ang kanilang Lola Escolastica buhat sa pagsisimba at pagdalaw sa mga hinihilot, nag-uuwi iyon ng mga kakaning prutas.

Ang matanda ay hindi nakikipagagahan kapag inaalok ng mga suki niya. Sa halip ay magalang siyang tumatanggi. Bilang kapalit naman ng dapat sana'y ipag-agahan niya, pinapag-uuwi siya ng mga tsiko, sinigwelas at dalandan.




Nang magsalita ang noo'y Kongresista Macapagal sa isa sa mga pagpupulong-at-salusalo ng oRtary Club ng Malolos. Dito'y inilahad niya ang mga nagawa ng "Laurel Economic Mission."

Nagpasya na siya sa sarili. Iiwan niya ang bangka, nguni't sasabihin niya kay Abelardo Vitug ang nangyari. Hindi marahil tatangayin ng agos ang bangka, naisip niya.

Nang bumalik siya'y kasama na niya si Jose, kapatid ni Abelardo. Naroroon pa rin ang bangka. Sa tulong ng ibang mangingisdang nagkataong nagsidating, naalis iyon sa pagkakasuot sa butas sa gilid ng ilog.

Umuwing kinakabahan si Dadong. Muntik na niyang maipahamak ang bangka, sampu ng kanyang buhay, ay wala pa siyang uwing huli nang tanghaling yaon.

Hindi siya nagkamali ng hinala sa isusumbat ng kanyang ina: — Tingnan mo 'yang ginawa mong hindi pag-uwi agad. Nawalan tuloy tayo ng maiuulam mamaya!

Ang gayong pagkagalit ni Aling Romana'y hindi ipinagdaramdam ni Dadong. Sa kalagayan nila, ang kapabayaan sa ano mang napapakinadapat sana'y ipag-agahan niya, pina-

Sina Israel at Dadong ang naghahati sa mga prutas.

Sa minsang paghahatian ng magkapatid:

—Hayan! Malalaki ang sinigwelas mo. Ibinigay mo sa akin ang maliliit. —Nagmamaktol si Dadong.

—Tama na iyan; matanda naman ako sa iyo, e.

Matagal pang nagtalo ang magkapatid. Napalakas ang kanilang pagsasagutan at narinig ni Aling Romana na noo'y abala sa paglalaba. Kinuha niyon ang pamalong yantok sa suksukan.

Napapaiyak na si Dadong nang dumating ang ina. Bago nakapagtanong si Aling Romana ay nakasagot na ang anak:

—Mangyari po, e, sa kanya lahat napunta ang malalaking sinigwelas.

—'Yan lang, pinag-aawayan na ninyo! Hala, dapa!

Tumalima si Dadong.

At habang dumadapo sa katawan ni Dadong ang pamalo ng ina, malakas na napapasigaw si Israel. — Tama na, Inay! Inay...!

Sa pagitan ng mga pigil na pagiyak ni Dadong ay naririnig niya ang mga sigaw ni iyon. Bakit nagpapahiwatig ng pagdamay ang mga sigaw na iyon? Nagdaramdam din kaya ang kanyang kuya?

Nang sumunod na naulit ang pangyayaring namagitan sa kanilang magkapatid ay naliwanagan ni Dadong ang kahulugan ng ikinilos ni Israel.

—Huwag ka nang magsumbong. O, iyo na itong malalaking tsiko at sinigwelas.

Mahal siya ni Isreal. Hindi siya pinababayaan niyon. Ayaw siyang masaktan... tulad nang minsang ipagtanggol siya kay Faustino Manuel.

Nagulat si Dadong nang harangin siya noon ni Faustino, isang maykayang kamag-aaral niya. Nanumbat si Faustino: —Bakit ang tataas ng mga marka mo? Siguro, lapit ka nang lapit sa titser, ano?

Iyon ay sinundan ng pagtulak kay Dadong na hindi na nakapagtanong. Nahulaan na niya ang ibig ipabatid ni Faustino: na iyon ay hindi dapat malamangan ng kanyang mga marka; na hindi siya ang dapat na-accelerated sa ikalawang grado; na hindi siya dapat malagay sa honor roll... sapagka't sila'y mahirap lamang.

Ang pagtulak ni Faustino'y hindi niya napalampas. Siya ang nasa katwiran, kaya kahit na higit ang kalakhan ng kamag-aaral, sinugod na rin niya iyon.

Sa kanilang pagpapanuntukan ay sa-darating si Israel na bahagya lamang nahuli ng paglabas. Pinagtulungan nila si Faustino. Nguni't wala rin silang nagawa. Malaki ang pangangatawan ng kanilang kababag. Iniwan sila ni Faustino na kapuwa nakatimbuwang.

Ang tagpong yao'y hindi pa nalilimot ni Dadong, at maging ni Faustino na ngayo'y isang trabahador sa kalye sa lunsod ng Maynila.

Hindi lamang sa pagkakataong yaon naghati sa hirap sina Dadong at Israel.

Kung gabing biglang bumubuhos ang ulan, hindi nawawalan ng suliranin si Aling Romana. Nagigising

Kaya nang lumabas si Johnny sa oras ng kanilang usapan ay dinatnan na siyang naghihintay.

—Tena, daanan lang natin ang bata ko sa pinapasukan niyang unibersidad, —yaya ni Johnny kay Luisito.

Ilang sandali lamang silang naghintay sa **canteen** ng pamantasan nang isang magandang babae ang nakangiting lumapit sa kanila. Ipinakilala iyon ni Johnny kay Luisito. Naging palagay kaagad ang loob ni Nena sa kaibigan ni Johnny. Nagtutuksuhan pa sila habang magkakasabay na lumalabas sa pamantasan.

Sumakay sila sa isang taksi. Nang sumapit sila sa bahay nina Nena, hindi na bumaba sina Johnny at Luisito sapagka't nag-aalaala ang una na makita sila ng mga magulang ng dalaga.

—Alam mo, —wika ni Johnny nang malayu-layo na sila sa bahay nina Nena, —si Nena'y anak ng manedyer ng sinehang aking pinaglilingkuran, si Mr. Mendoza. Matagal na kaming magkatipan nguni't lihim lamang iyon. Nangangamba ako na hindi ako magustuhan ng kanyang mga magulang. Ano ang maibibigay mong payo sa akin, Luisito?

—Kung sabagay hindi naman ako si Dely Magpayo, —nakatawang turing ni Luisito, —nguni't ang masasabi ko sa iyo'y wala ka namang problema. Pagkatakot lamang ang namamayani sa iyong puso. Sa palagay ko'y hindi ka naman alangan sa pamilya nina Nena. Lahat na yata ng katangian ng isang lalaki'y taglay mo na. Ano pa naman ang hahanapin sa iyo ng isang dalaga?

—Lekat, pinatataba mo naman ang aking puso, —nasisiyahang sagot ni Johnny na marahan pang napatawa.

—At hindi lamang iyan. Naniniwala ako na kung talagang tapat ang pagmamahalan ninyo'y may nakalaang paraiso ng kaligayahan sa inyong dalawa. Palagay ko nama'y hindi tututol si Mr. Mendoza sa iyo. Ikaw lamang ang tumatakot sa iyong sarili. Bakit hindi mo subuking humarap sa kanya? Lalong mabuti ang nababatid niya ang katotohanan kaysa sa ipinaglilihim pa ninyo.

—Hindi ko alam na mahusay ka palang magbigay ng payo. Ngayon lang kita nabisto.

Sabay pa silang nagkatawanan. Nang sapitin nila ang tahanan nina Johnny ay ipinakilala si Luisito ng kaibigan sa mga magulang nito at mga kapatid. Ang pagsalubong na ginawa ng mga iyon kay Luisito ay parang hindi na ibang tao ang pagpapalagay sa kanya.

—Luisito, —wika ni Aling Idad na ina ni Johnny, —dito sa ami'y ipalagay mo ang iyong loob.

—Oho, —kiming sagot ni Luisito.

Buhat nga noo'y nakabilang na si Luisito sa tahanang iyon nina Johnny. Tumutulong naman siya sa mga gawaing bahay bagama't ayaw siyang pagawain ng mga magulang ng kanyang kaibigan. At ang mga kapatid na maliliit ni Johnny ay iginagagawa niya ng laruan.

Madalas na kung umaga'y umaalis siya sa bahay. Naglalakad-lakad siya. Nagbabakasakali siyang makakita ng kahit anong uri ng trabaho nguni't wala naman siyang matagpuan. Kung pinupuna iyon ng ina ni Johnny ay sinasabi niyang namamasyal-masyal lamang siya.

—Alam mo, Johnny, hiyang-hiya na ako rito sa inyo, —isang gabi'y wika ni Luisito sa kaibigan. —Labis na akong nakabibigat dito.

—Itong si Luisito, oo, gusto mo yata akong magalit sa iyo, e, —tugon ni Johnny. —Basta't huwag mong intindihin iyon. Ikaw naman ay hindi na itinuturing na iba rito sa amin. Kaya kapag binanggit mo uli sa akin iyan, mapipilitan akong makipagkagalit sa iyo.

—Sige, sige, hindi na.

—Iyan ang gusto ko sa iyo, —at tinapik sa balikat ang kaibigan. —Siyanga pala, nakapapanhik-manaog na ako sa bahay nina Nena. Gaya ng akala mo, hindi naman pala tutol sa akin ang mga magulang niya. Salamat sa mga payo mo.

Dumaan pa ang ilang araw. Madalas na sumasama si Luisito sa kaibigan sa panonood ng pagsasanay ng mga tauhan sa **Savoy Theatre.**

Samantala, abalang-abala naman ang lahat ng artista sa isang pangatawanan nilang pagsasanay. Naghahanda silang mabuti sa natatanging araw ng kanilang anibersaryo.

Lagi ring nanonood si Luisito sa mga pagsasanay na iyon. Nguni't laging sa mga kilos ni Tsipopoy nakapako ang kanyang paningin. Bawa't kilos nito'y sinusubaybayan niya.

Nang mga sandaling iyon, palipat-lipat si Tsipopoy sa may limang baitang na hagdan at nagpapakita ng kahanga-hangang pagsasayaw sa isang kaibigan. Patalun-talon siya sa isang baitang ng hagdan. Tawa naman nang tawa ang kasamahang nanonood sa kanya. Nguni't sa isa niyang pagtalon na napataas nang kaunti ay sumala ang mga paa niya sa baitang ng hagdan. Naipit ang kanan niyang paa sa pagitan ng mga butas. Nakarinig si Luisito ng pagkabali ng kung anong bagay.

—Nadisgrasya si Tsipopoy, —sigaw ng lalaking nanonood sa payaso. Sinaklolohan niya ito.

—Dali, buhatin natin at maihatid sa ospital, —wika naman ng isang mananayaw.

—Palagay ko'y nabali ang buto sa kanyang paa, —sabad ni Johnny na nakikitulong sa pagbubuhat kay Tsipopoy na patuloy sa pagdaing habang inilalabas ng dulaan.

Sa mga nagsisama sa ospital ay nababakas ang kawalang pag-asa nang muling dumating sa sinehan. Hindi na raw muling makakalakad si Tsipopoy at kailangang gumamit na ito ng saklay. At kaugnay ng pangyayaring iyon ay nagkaroon ng malaking problema ang lahat. Hindi sila maaaring magpalabas kundi rin lamang kasama si Tsipopoy. Mahalaga ang parte nito sa palabas. Kaya gulung-gulo ang lahat.

Nasabi sa sarili ni Luisito, na naroon sa dulaan nang mga sandaling iyon, na ang kapalaran ay dumating na sa kanyang buhay. Batid niya sa kanyang sarili na kayang-kaya niyang gampanan ang papel ni Tsipopoy sapagka't ang pagiging payaso sa isang tanghalan ang talagang hilig niya.

—Johnny, maaari bang masamahan mo ako kay Mr. Mendoza ngayon? Nais kong ako ang humalili kay Tsipopoy, —walang kangiti-ngiting wika ni Luisito sa kaibigan.

Mataman siyang tinitigan ng kaibigan. Pagkatapos ay umiling-iling ito.

**(Mahimok kaya ni Luisito na maisama siya ng kaibigan kay Mr.. Mendoza? Kung sakali, tanggapin kaya siya?)**

(TUTULOY)

# • Mga Alamat Natin . . .

ni Maria Salome Tonsay

BUHAT sa Kabisayaan ay lumaganap sa buong Kapuluan ang alamat na may kinalaman sa pagkakaroon ng tribu sa ating lahi noong mga panahong hindi pa malay tuklasin ni Magallanes ang Pilipinas. Sinasabi ng mga Bisaya na ang tribu ay nagmula kina Sikalak at Sikabay, ang unang lalaki at babae sa balat ng lupa na nagbuhat sa labong ng kawayan. Ang dalawang taong ito bagama't laging magkasama, gabi at araw ay parang walang hangarin sa isa't isa. Wala silang iniwan sa karaniwang magkaibigan lamang, at maliban doon ay wala na.

Ang isa sa mga Diyoses, si Inaptan na diyos ng mga buwaya, ay labis na nababahala sa kanyang nasasaksihan sa dalawa. Ang kanilang layunin sa paglalang kina Sikalak ay mawawalan ng kabuluhan kung silang mga Diyoses ay hindi gagawa ng paraan.

Isang araw, dumating ang pagkakataon ni Inaptan. Nakita niya na tumatawid sa ilog ang dalawa. Ang ginawa niya'y lihim siyang lumangoy sa ilalim ng tubig hanggang sa makarating sa kinaroroonan ng dalawa na hindi siya napansin. Sa isang iglap ay lumutang siya at pinalo ng malapad niyang buntot ang likod ng dalawa hanggang sa kapuwa mawalan ng malay. Isinakay niya sa kanyang likod ang dalawa at dinala sa kanyang tahanan sa ilalim ng tubig at inalagaan niya hanggang sa pagsaulian ng malay.

Gayon na lamang ang takot nina Sikalak at Sikabay nang mamulat sila at makitang sila'y nasa ibang daigdig. At gaya ng inaasahan ni Inaptan, nadama ng isa't isa ang halaga ng kanilang pagtutulungan. Napayapos si Sikabay kay Sikalak dahil sa malaking takot nang makita ang anyo ni Inaptan. Pagtatama ng kanilang titig ay namahay sa puso ni Sikalak ang kakaibang

## ANG PINAGMULAN NG TRIBU

### GALIT NG ISANG AMA ANG NAGTABOY SA MGA ANAK UPANG BUMUO NG TRIBU

damdamin. At sa nasaksihan ni Inaptan ay naging ganap ang kaligayahan niya sa ibinunga ng kanyang pamamaraan hanggang sa ipasya niyang ihatid na muli ang dalawa sa ibabaw ng daigdig na talagang laan para sa mga iyon.

Sa muling pagbabalik sa ibabaw ng lupa nina Sikalak at Sikabay ay namuhay na silang tulad sa mag-asawa. Naging maligaya naman ang kanilang pagsasama at nabiyayaan ng mga supling. Nguni't habang lumalakad ang mga taon ay nagiging suliranin ng mag-asawa ang kanilang mga anak. Lubhang napakarami ng kanilang naging mga anak, na dumating ang panahong nahirapan sila upang pakainin ang lahat ng iyon. Subali't ang higit na nakapagpahirap sa mag-asawa ay ang katamaran ng mga anak nilang malalaki na dapat sana ay makatulong na sa kanila. Araw-araw, madilim pa ay umaalis na sila sa kanilang kubo upang magtungo sa kaparangan at maghanap ng kanilang makakain. Kung dumating sila ay gabi na at bukod sa lupaypay ang mga katawan dahil sa pagod ay nakakaramdam na rin ng gutom, nguni't ang kanilang dinaratnan ay pawang nangakahiga lamang at ni hindi magluto ng pagkain; pagsasalu-saluhan nila. Sukdulan naman ng bait ang mag-asawa kaya nakukuha pa ring pagtiisan ang lahat ng sama ng loob na dulot ng kanilang mga anak.

Nguni't isang gabi ay hindi na rin nakuhang magpigil si Sikalak sa masamang gawi ng kanilang mga anak na nakatatanda. Inabutan niyang nakalupasay na lahat ang kanilang mga anak. Ang pagdating nilang mag-asawa ay hindi man lamang pinansin ng mga ito. At nang tunguhin niya ang paminggalan ay wala ni isang butil ng pagkain, kaya't ang matinding gutom niya ay hindi man lamang nalunasan. Sa matinding galit ni Sikalak ay nakahagilap ng isang malaking bakawan at hinalibas ng palo ang tamad niyang mga anak.

Noon lamang nakita ng mga anak na nagalit ang kanilang ama, at sa parusang walang patumangga ay hindi malaman ng mga ito kung saan magtatago upang maiwasan lamang ang matinding galit ng magulang. Nagsilabas sa kubo ang lahat at mabilis na nagsitungo sa mga liblib na pook.

Mula noon ay hindi na nakuhang magbalik ng mga anak nina Sikalak dahil sa matinding takot. Natutuhan na rin nilang mamuhay nang kani-kanilang sarili.

Ang mga nagsipagliblib sa kuweba ay lumaking mga alipin; ang nagtago sa ukit ng mga bato at isla ay naging mga ita; mayroon namang nagsipagkubli sa itaas ng punongkahoy at sila ay nakilalang mga "timawa" na bagama't malalaya ay nabibilang naman sa hanay ng mga dukha. Ang mga nakarating sa tabing-dagat ay naging mga mangingisda at ang nakarating sa mga kaparangan ay naging magsasaka. • • •

ITALYA, iyan ang bansang matatawag na isang panaginip na naging katotohanan. Kalalabisang ulitin pa rito ang makulay at puno ng buhay niyang kasaysayan. Sukat ang Italyang nakita ko at pinamalagiang apat na taon nang ako'y nag-aaral pa roon. Noon ay napakaganda na ng bansang iyan, at sa aking pagbabalik pagkaraan ng 33 taon ay higit na maunlad at nag-ibayo ang kagandahan. Ang sino mang nakapanood ng **A RIVEDERCI ROMA** sa puting-tabing ay para na ring nakamalas sa tunay na larawan ng Italya. Sadyang gayon nga, at lalo pang maganda kung naroon ka na.

**SINING:** Sa bansang ito, ang isang dayuhan ay mamamalikmata ng naggagandahang mga Bantayog na marmol at tanso, mga gusali, mga simbahan, ang gibang lunsod ng matandang Roma, ng mga halamanan, bulaklakan, ng mga Museo na palagiang tanghalan ng katangi-tanging mga likhang-sining sa lilok at kulay — hindi iisa, puu-puo, daandaan. Kahi't na mumunting bayan ay mayroon din ng mga museong kakikitaan ng tunay walang kalmen at kuwintas. Doo'y nagpapagandahan ang mga simbahan, nguni't walang pista-pista ng mga pintakasing dito sa atin ay pinaggugugulan ng di kakaunting salapi; ano mang hirap ay iginagapang, kadalasa'y ipinangungutang pa, makapaghanda lamang ng masarap na pagkain sa mga panauhin. Doo'y walang salimbayan ng mga banda at dupikalan ng mga kampana na nagdudulot ng kasayahan; wala ng mga prusisyon na ang pananalangin ay waring ipinagpaparangalan at wala rin ng mga **loud speaker** na panghiyaw sa mga kampanaryo sa pagbigkas ng dalangin.

**MGA PAMANTASAN:** Noong panahon ni Mussolini ay maraming Pamantasang ipinapinid, matangi ang iilang ukol lamang sa tunay na mahilig sa pagka-manananggol at pagkamanggagamot. Kaya't doon ay hindi nag-aani ng libu-libong manananggol at manggagamot taun-taon, di tulad dito sa atin na ang karamihan ay gaya-gaya lamang at karamihan sa nagsisipagtapos ay walang mahawakang usapin o magamot na maysakit.

kahi't na sa itaas ng mga gulod at mga bundok na di nalalatagan ng waring kinatam na aspalto. Lubhang malilinis ang mga daan, walang layak o yagit at lalong wala ng mga bunton ng sukal na may mababahong bagay na nabubulok na karaniwan dito sa atin. Ang gilid ng mga daang iyan ay walang bambang na pinamamahayan ng malapusali, maitim at mabantot na tubig; sa halip ay may maayos na halayhay ng mga punongkahoy na tigalawang dipa ang agwatan, mga punong matutuwid at malilim na ang dakong ibaba ay kulay puti na dalawang talampakan ang taas sa lupa, pantay-pantay, na malaking tulong sa mga may sasakyan kung gabi. Higit sa alin mang bansa ay doon sana dapat dumalaw at mamalaging ilang buwan ang ating mahal na Alkalde Arsenio Lacson, upang sa kanyang pag-uwi ay maipariS niya roon ang kalinisan at kaayusan ng mga daan dito sa Maynila na magiging huwaran naman ng mga Alkalde sa ibang mga bayan. Doon ay walang **jeep** kundi taksi, bus, karuwahe at trambiya na di humihinto kahit saan kundi sa sadyang hintuan.


alam ng mga Italyano na kapag natanim sa Italya, ang binhing Intsik ay parang hinihipang pantog sa pagdami, at kung marami na ay mahirap nang masugpo. Ang mga Intsik ay walang iniwan sa munting halaman ng baliti na kapag dumapo sa sanga ng ibang puno, lumaki at lumaganap ang mga ugat at sanga ay mababaliti na ang nilakhang puno hanggang sa mamatay, at siya na lamang ang lulusog at lalago. Iyan ang dahilan kung bakit mahirap ang mga Malayo sa Singgapur, sa mga lunsod ng Indonesya, gayon din dito sa atin, sapagka't sila (ang mga Intsik) ang nagkamal ng mga kayamanan palibhasa'y nasa kamay nila ang halos lahat ng uri ng hanapbuhay.

**ANG ITALYANO:** Noong may 3' taong lumipas ay walang papantay sa mga Italyano kung tungkol din lamang sa pandurukot. Subali't ngayon ay lipol na iyan. Kung noon ang buong **Roma** ay pula dahil sa pamilihan ng panandaliang aliw, ngayon kung mayroon mang natitira ay sa mga liblib na pook na lamang matatagpuan. Wala nang mga pulubing

# Italya

***ni G. E. Tolentino***

**Sa sariling pagsasalaysay ng may-akda ay mababatid ang kultura ng lupaing sentro ng maririkit na sining**



**Ang mga estatuwang marmol na nagpapakita sa iba't ibang paraan ng pagpapalakas ng katawan ay isa sa mga pang-akit ng makasining na Roma sa kasalukuyan. (Nasa larawan si G. E. Tolentino, ang may-akda.)**

na kaunlaran at kabihasnan ng mga mamamyan na di mapapantayan ng ano mang kayamanan sa daigdig.

**PANANAMPALATAYA:** Ang sinaunang pananampalataya ay siyang umabot sa kasukdulan ng sining sa paglilok, at ang kanilang mga bathala't diyosa ay nababakas pa rin sa ngalan ng mga araw. Ang sumunod na pananampalataya na kilala sa tawag na Iglesya Katolika Apostolika Romana ay gumaya rin sa una, at ang kanyang mga santo at santa sa marmol ay siyang palamuti sa mga simbahan. Siyamnapu't siyam na bahagdan (99%) ng mga mamamayan ay masasabing Katoliko Apostoliko Romano, at kung mayroon mang Protestante at Hudyo ay wala namang pagtatalo sa mga liwasan na nagtatapos sa bugbugan at sumpaan na narito sa atin. Ang katolikong Italyano ay walang lubid o katad sa baywang. Sa halip ay pinadagdagan ang mga Paaralan ng Magagandang Sining sapagka't ang mga likhang-sining ang pinagdarayo ng mayayamang dayuhan na naghahatid sa Italya ng kariwasaan. Gayon din ang sa Inhinyerya at Pagsasaka. Nagkakaloob ang Republikang Italyano ng walang bayad ne pag-aaral o **scholarship** sa Sining at Pagsasaka, sa mahihilig na kabataang taga-ibang lupa.

**PULITIKO:** Sa Italya ay maraming lapian ng mga pulitika, na kung magtuligsaan at magmurahan kung nalalapit ang halalan ay daig pa ang mga babae, subali't pagkatapos ng eleksiyon ay magkakaibigan na naman at tulung-tulong sa pagtataguyod sa kaunlaran ng bayan.

**LANSANGAN:** Wala isa mang daan, liwasan at lansangan sa loob at labas ng mga lunsod at mga bayan

**KABUKIRAN:** Ang malalawak na lupaing noong 33 taong lumipas ay panay na batuhan at walang pananim, ngayon ay malalawak na bukiring pinag-aanihan, at ang inaaning palay at iba pang pananim ay labis sa kanilang kailangan kaya di tuloy malaman kung paano ang gagawin sa karamihan. Dito sa atin, gayong malalawak ang matatabang lupa ay nakatiwangwang at di pakinabangan, kaya umaasa na lamang tayo sa ani sa Bangkok, Saygon, Pulahang Tsina at Amerika.

**HANAPBUHAY:** Lahat ng uring hanapbuhay, pamilihan, pagawaan, karihan, tinapayan, pagupitan, pagamutan at iba pang bagay na pagkakakitaan ay pawang nasa kamay ng mga Italyano. Doo'y walang palaboy, lahat ay may hanapbuhay. Walang munti mang tindahan ng Insik, at di magkakaroon niyan kailan man sapagka't

nanlilimahid na ang tulog ay sa mga gibang gusali, at sa mga baitang ng simbahan. Makikisig na silang lahat, masasaya, magagalang, may pinag-aralan, halos lahat ay may gawain, masisipag, tapat na kaibigan at bukas ang tahanan sa mga dayuhan. Subali't tulad din sa atin at sa iba pa mang dako, may Italyanong napadadaig din sa simbuyo at sa tukso — pumapatay, nagpapakamatay, nanggagahasa, nagnanakaw at iba pang uri ng pagkakasala. Iya'y isang katunayan lamang na ang kasamaan ay matatagpuan sa lahat ng dako at saan mang panig ng daigdig, sapagka't marami ang nakalilimot na may MATA ANG DIYOS na nakamamalas sa masasamang gawa at pagkakasala ng tao sa ibabaw ng lupa. • • •



**BAKAS NG NANGAKARAAN**

Namatay ang ama ni Femy at naulila siyang lubos. Natuklasan din niyang lustay na ang kanilang kayamanan. Si Donya Isabel, asawang kuuli ng kanyang ama, ay hindi nila niya nakahulihan ng loob at nalaman na lamang niyang ipinagkakasundo siya nito kay Don Rosauro upang mahango sila sa kahirapan. Hindi nakitungo si Femy sa don, at isang araw ay pinagtangkaan siya nito nang masama. Nakaiwas si Femy at itinuloy na niya ang balak na lumayo sa kanyang tiyahin. Binigyan siya ni Mang Ambo, ama ni Gloria na kaibigan niya, ng isang liham na magpapakilala sa kanya sa isang kamag-anak niyon sa Maynila. Nguni't nawala ang liham na iyon at kung saan-saan napadpad sa lunsod si Femy. Napasok siyang alila. Di siya nakatagal sa pagmamalabis ng naging panginoon niya. Isang gabi'y naglakas-loob siyang magprisinta sa isang klub at natanggap siyang mang-aawit. Nguni't dito'y nagkaroon siya ng kagalit, si Rita, at ipinagkanulo naman siya sa isang pangkat ng sex gang. Naligtasan din ito ni Femy sa tulong ni Mr. Reyes, ang manager ng klub . . .

Dumaan ang mga araw kay Femy na wala siyang inaalagata kundi ang makaipon para makapag-aral siya. Isang gabi, hindi niya naiwasan ang mahagkan ni Mr. Reyes matapos ang ilang araw na biguin niya ang pagtatapat nito. Nasampal niya ang lalaki. Nguni't ang pag-alis niya roon ay di niya naituloy dahil sa pakiusap ni Mr. Reyes. Isang gabi, nakatagpo ni Femy si Mang Ambo. Napag-alaman niya na mag-asawa na si Donya Isabel at si Don Rosauro. Sinabi ni Mang Ambo na sa kanila na sa Maynila tumira si Femy kaya umalis na ito sa klub . . .

**(Ika-10 Labas)**

# Nagbalik na Pagmamahal

***nina Teodorico C. Santos at Pedro Reyes Villanueva***

**Isang makisig na inhinyero ang dumatal sa buhay ni Femy. Nagkakilala sila sa isang sayawan at agad-agad nagpahayag ng pag-ibig ang lalaki . . .**

GAYA nang ipinangako ni Mang Ambo ay isinama si Glory upang kaunin si Femy sa klub ni Mr. Reyes. Gayon na lamang ang kagalakan ng dalawang dalagang matagal ding nagkalayo at hindi nagkabalitaan. Sa malulungkot na bahagi ng pagbabalita ni Femy ay malayang nakikisaliw ang kanilang mga luha.

—Salamat sa Poong Maykapal, —ang nasasambit ni Glory na kasabay ang malalim na himutok, —itinulot pa rin Niya na ikaw'y maligtas sa masasamang-loob.

Nagyakap ang magkaibigan, at sa kanilang pagkakayapos ay ibinuhos ang lahat ng damdaming nag-uumapaw sa kanilang mga puso.

Magbuhat noo'y nakalasap na ng kaligayahan at kapayapaan ang buhay ni Femy. Sa piling nina Mang Ambo at Glory ay nakasumpong si Femy ng kasiyahan at natikman niya ang pagtinging tulad ng sa isang tunay na ama at kapatid. Sa paano'y itinuring siyang anak-anakan ni Mang Ambo, at kung paano ang pagpapala ng lalaki kay Glory na tunay niyang anak, ay gayundin naman ang pagpapalang-iniuukol kay Femy.

Ipinagpatuloy ng magkaibigan ang kanilang pag-aaral. Si Glory ay kumuha ng medisina, samantalang si Femy ay nag-aral naman ng musika. Kapuwa sila nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas, kaya't magkasama silang pumapasok at magkasabay ring umuuwi. Palibhasa'y kapuwa matalino at kapuwa rin may angking kagandahan, kaya't madaling natanyag ang kanilang mga pangalan sa buong Pamantasan. Kinagiliwan sila ng mga propesor at ng kanilang mga kamag-aaral. Sa mga samahang nakatatag sa Pamantasan ay kabilang na ang kanilang mga pangalan. Sa dakong huli'y hindi lamang sila naging karaniwang kasapi kundi napabilang pa sa mga pamunuan. Ang sumunod doon ay ang paghanga ng maraming puso na nagbubulong na sa kanila ng pag-ibig. Naliligayahan sila sa kanilang buhay na yaon, lalo pa kung nakikita nila na marami ang mga binatang nag-aagawan upang sila'y mapaglingkuran.

Datapuwa't itinalaga ng magkaibigan ang kanilang mga sarili sa pag-aaral hanggang sa umani sila ng tagumpay. Si Femy ay nanguna sa buong klase nila at naging tunay na himala sa pag-awit at sa pagtugtog ng piyano. Minsan ay nahirang siyang Lakambini ng kanilang Pamantasan at nang siya'y magtapos ng karera ay siya ang naging balediktoryan. Gayon na lamang ang mga tagumpay na tinamo ng dalaga. Hinandugan siya ng isang salu-salo at sayawan ni Mang Ambo sa "Winter Garden" ng Manila Hotel.

Yaon ay gabi ng mga gabi sa kasaysayan ng buhay ni Femy. Sila ni Glory ang tampok ng sayawang yaon. Ang kariktan ng kanilang mga damit at ang mga hiyas na nakapalamuti sa kanilang mapuputing balat ay naghahayag na sila'y pangunahin, hindi lamang sa kagandahan kundi gayundin sa kariwasaan. Walang patid ang pagbati kay Femy ng madla. Ang kanilang matatalik na kaibigan ay naghandog sa kanya ng mga pumpon ng mga bulaklak. May mga nag-alay rin naman ng iba't ibang handog, gaya ng mga damit at hiyas at ng mga kagamitan ng isang dalaga.

Walang anu-ano'y dumating ang dalawang binata. Si Glory ang sumalubong sa kanila. Ang isa ay kamag-aaral ng dalaga na matagal nang nangingibig sa kanya. Masaya silang nagbatian.

—Glory, magandang-maganda ka sa aking paningin!

—Rolando, wala ka na bang nalalamang ibang bati sa akin?

—Patawarin mo ako, Glory. Hindi ko maiwasang purihin ka, palibhasa'y nalalaman mo naman ang nilalaman ng aking puso. . . .

—Siyanga pala, —ang tila paiwas na sagot ni Glory, —tatawagin ko sandali si Femy. Siya ang unang dapat tumanggap ng karangalan ngayong gabi, sapagka't ang gabing ito'y para sa kanya.

Hindi na naabala nang paghahanap si Glory, sapagka't siyang paglapit sa kanila ni Femy. Binati ni Rolando si Femy, at pagkatapos ay magalang na ipinakilala ang kaibigan.

—Femy, kasabay ng masayang pagbati ko sa iyong tagumpay ay ikinararangal kong ipakilala sa iyo ang aking matalik na kaibigan, si Inhinyero Augusto Soriel, na kadarating lamang sa Maynila mula sa Negros.

(Sundan sa pahina 21)

**• Pangkabataan**

# "ITO ANG AKING AKDA"

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at . . . abangan. Kung "masari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay," Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila. Kung taga-probinsiya ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo.

Tandaan: huwag kukulangin sa isa (1) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking ispasyo.

Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nauukol sa pitak na ito. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon — alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.

Ipadala ang inyong akda sa: Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA". Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

## *"Aking Ina"*

I

Sa puso ko't kaisipan ay nalimbag nang malalim
Ang dakilang mga araw ng ina kong ginigiliw;
Noon, ako'y isang musmos na lagi nang naglalambing
At wala sa gunita kong may hilahil na darating.

II

Ang buhay ko'y nagpatuloy na lipos ng tuwa't sigla
Na ang tanging patnubay ko ay ina ko't aking ama;
Sa tamis ng pagmamahal na lagi kong nadarama,
Ang ano mang kalungkuta'y lumalayo kapagdaka.

III

Datapuwa't ang buhay pala'y hindi pawang kagandahan
At hindi rin pawang lunti ang lahat ng kanyang kulay;
Ang daigdig palang ito'y baligho sa kapangitan
At hindi ka umaasa'y daratal ang kasawian..

IV

Pagka't kaming lahat noong nabubuhay nang tahimik
Ay dinalaw ng pangamba at sinaklot ng ligalig,
Dahil sa ang aking ina'y biglang-biglang nagkasakit
At ang angkin niyang buhay, napabingit sa panganib.

V

Sa malubhang kalagayan ng ina kong minamahal,
Ang malungkot at magdusa ay noon ko naranasan;
Akong dati'y punung-puno ng sigla ng kabataan
Ay natulad sa kandilang mauupos nang tuluyan

VI

Nguni't isang araw noong malungkot kong nininilay
Ang masaklap na sinapit ng palad ng aking inang,
Narinig ko ang tinig niyang tumatawag nang marahan
Kaya't ako ay lumapit na ang kaba ay masasal.

VII

"Aking anak," ang simulang ang tinig ay nangangatal.
"Nadarama ko na ngayong ako'y di na magtatagal
Kaya ikaw ay magbait pagka't kita'y maiiwan
Sa piling ng iyong ama na akin ding minamahal."

VIII

Pagkatapos ng ilan pang habilin ng aking ina
Nakita kong unti-unting napikit ang kanyang mata,
Kasabay ng pagkapatid ng malalim na paghinga
Ang malay ko ay tumakas sa bisig ng aking ama.

IX

Nang ang diwa ko'y magbalik ay kaagad kong nalanghap
Yaong amo'y ng kandilang bagong sindi't maliwanag,
Sa gitna ay naroroon ang kabaong na panatag
Ng bangkay ng aking inang tahimik nang nakalatag.

X

At sa bugso ng damdamin ay hindi ko napigilan
Na magsikip ang dibdib kong malabis na nagdaramdam;
"Oh! Ina ko! Aking Ina! Bakit ako ay iniwan?
At maagang inulila sa tamis ng pagmamahal?"

XI

Buhat noon, ang buhay ko'y nagmistulang takip-silim
At ang langit na maulap namarating makulimlim;
Sa ano mang kasayaha'y di mapawi ang panimdim,
Lagi pa ring hinahanap ay ang inang masintahin.

XII

Kaya ngayon ko natanto ang hirap ng maulila
Sa matimyas na aruga't pag-ibig ng isang ina,
Sa lahat ng ito ngayon ay lagi kong nadarama
Na ang ina sa sinukob ga-daigdig ang halaga!

—**Filipina Palomares Montes**
**21 taong gulang**
**Meycauayan, Bulakan**

# ANG AMING GURO

**"DI KO MATIMPI ANG AKING DAMDAMIN..."**



HINDI ko akalaing makakasakay ko sa bus na patungo sa aming Ialawigan si Miss Santos, ang aming guro sa Tagalog. Kung nalalaman ko lamang na siya ay isa sa mga sakay ng bus na iyon ay naghintay na lamang sana ako ng ibang masasakyan.

Sa tuwing makikita ko si Miss Santos ay may nabubuhay na gunita sa aking isipan, musmos na gunitang nagpapayanig sa aking damdamin.

Hindi ko siya matingnan nang matagal. Waring matutunaw ako sa kanyang makahulugang ngiti. Hindi pa rin siya napagbabago ng lumipas na tatlong taon. Kaakit-akit. Masaya.

"Kumusta ka ngayon, Delfin." Iyon pa rin ang malamig niyang tinig.

"Gaya pa rin nang dati. Nag-aaral pa rin." At naramdaman kong wala nang paggalang ang aking pangungusap. Ang damdaming matagal ko nang pinatay ay waring ibig ngayong manariwa. Mamulaklak.

GURO namin sa Tagalog si Miss Santos. Para sa akin, mabait siya nguni't hindi maunawain. Hindi niya ako maunawaan... ang mga titig ko sa kanya.

Sa aking batang puso ay tanging larawan lamang ni Miss Santos ang nakaukit. Kaya, nang minsang magkasarilinan kami sa kanyang silid ay hindi ko na natimpi ang simbuyo ng aking damdamin. Waring kung may anong bagay na bumubundol sa aking dibdib na ipagtapat ko sa kanya ang bagay na iyong ayaw magpatahimik sa akin. Naging mapangahas ako. Nag-aapoy ang buong katawan nang bigkasin ko ang katagang iyon.

"Talagang hibang ka na, Delfin...!" Napahalakhak siya noon. At naramdaman kong biglang nakitil ang malusog na binhi sa aking damdamin. Nalunoy. Naunsiyami...

Nang sumunod na pasukan ay lumipat ako ng ibang paaralan upang iwasan ko na siya.

NAPUKAW ako nang siya'y magsalita.

"Bakit ka natitigilan, Delfin?" sabi niya nang mapansin ang aking pagkakatigagal.

"A, wala. May naiisip lamang ako. Isang kahibangan.." At sa mahinang pagtawa ay parang guminhawa ang aking pakiramdam.

"Mabuti ka pa. Malayang-malaya ka pa hanggang ngayon. Hindi ako naging maligaya sa aking pag-aasawa, Delfin. Tatlo na ang aming anak at lagi pang may-sakit ang aking bunso, kaya't halos hindi makasapat ang kinikita naming mag-asawa." Kasing-lamig ng tinig ni Inay ang tinig ng aming guro. "Kaya huwag ka munang mag-asawa, Delfin," dugtong pa niya.

Lubusan nang guminhawa ang aking pakiramdam. Hindi na nagsisikip ang aking dibdib nang umibis ako sa sasakyan. * * *

—**Benigno R. Juan**
**Tandang Sora Avenue**
**Sangandaan, Lunsod Quezon**

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..........................................

..........................................

Pangalan ..........................................

.......................................... Edad: ........

Tirahan o paaralan: ..........................................

..........................................

## Nagbalik na Pagmamahal

KARUGTONG

—Ikinagagalak kong makilala ang tampok ng kasayahang ito, —at kinamayan ni Augusto si Femy.

—Kumusta naman kayo, Mr. Soriel? —ani Femy. —Ipinakikilala ko kayo sa aking matalik na kaibigan, kay Glory Villar.

Pagkatapos na magkakilala sina Glory at Augusto ay siya namang paglapit ni Mang Ambo. Si Rolando ang nagpakilala sa kanyang kaibigan sa ama ni Glory. Noon ay patuloy na dumarating ang mga panauhin. Hindi nalaunan at ang mga panauhin ay nagsasalu-salo na sa masasarap na pagkain. Habang sila'y nagpapakabusog ay patuloy ang masasayang biruan at ang mga papuri kay Femy. Nang matapos ang salu-salo ay pinasimulan naman ang ilang bilang ng mga batang babae at lalaki. Nagsalita rin si Mang Ambo ng ilang pangungusap ukol sa pagdiriwang.

Nang dumating ang bilang sa pagtugtog ng piyano ni Femy ay nag-umugong ang palakpakan. Samantalang pumapailanlang ang tugtugin sa buong bulwagan ay para namang nababaghan ang mga nakikinig. Gayon na lamang ang kanilang paghanga kay Femy sa kahusayang tumugtog ng piyano. Kaya't nang matapos ang bilang na yaon ay pinasalubungan ng matikabong palakpakan ang dalaga, at hindi tinigilan hangga't di muling tumugtog. Sa ikalawang pagkakataong yaon ay umawit ang dalaga na kasabay ang pagsaliw sa piyano. Lalong nag-ibayo ang paghanga sa kanya, hindi lamang sa pagtugtog kundi gayundin sa pag-awit. Nang matapos umawit ay sinabugan siya ng mga bulaklak. Nang mga sandaling yaon ay mabilis na sumalubong sa kanya si Augusto Soriel at pagkatapos na siya'y mabati at makamayan ay inihatid sa isang upuan.

—Femy, kahanga-hnaga ka!

—Salamat sa iyong papuri.

—Ang sinasabi ko'y ang aking nadarama lamang. Pinagging mapalad ako ng pagkakataong ito na ikaw ay makilala...

Hindi na nadugtungan ng binata ang pagsasalita sapagka't sumalubong kay Femy sina Glory, Rolando, Mang Pablo at marami pang nagsipag-abot sa kanya ng mga bulaklak.

Hindi nalaon at pinasimulan ang masiglang sayawan. Sina Femy at inhinyero Augusto Soriel ang nagbukas ng sayawang yaon. Nagsisunod na sina Rolando at Glory at ang iba pang kabinataan at kadalagahan.

—Femy, —ang bulong ni Augusto samantalang sila'y umiindak-indak, —hindi ko akalaing sa gabing ito'y masumpungan ko ang anghel na pangarap ng aking buhay.

—Siyanga, —ang tila may pagbibirong tugon ng dalaga, —ngayon lamang ako nakakita ng binatang kapagkaraka'y nanunuya sa akin, gayong may isang oras lamang kaming magkakilala.

—Marahil nga'y hindi ka maniniwala sa aking sinasabi. Nguni't kung mabubuksan ko lamang ang aking dibdib ay mapapawing lahat ang iyong alinlangan.

—Kataka-taka kang tao, —ang napatawang sagot ng dalaga, —wala ka pang nalalaman tungkol sa aking buhay ay tila... nangingibig ka na?

—Ganyan ang palaging panalag ng mga dalaga. At hindi ako nagtataka kung iya'y marinig ko sa iyo.

—At hindi ba totoo ang sinasabi ko? —ani Femy. —Ano ang nalalaman mo sa aking buhay?

—Ang aking pag-ibig ay hindi umuuri ng pagkatao, ni pamumuhay. Sapat na ang nararamdaman ko sa aking puso na ikaw ay aking iniibig. Mauunawaan mo ako.

—Ipagpaliban na natin ang tungkol diyan. Ang ating tungkulin ngayo'y magsayaw at magsaya, —ang sabi ni Femy.

—Oo, nalalaman ko, —ang sagot ng binata. —Ang gabing ito'y masusulat sa kasaysayan ng musika at pag-awit sa Pilipinas. Hinahangad ko ang lalong matayog na tagumpay mo sa hinaharap.

Nang makaraan pa ang mga sandali ng kanilang walang humpay na pagsasayaw at nang sila'y pagod na ay nagtungo sila sa labas ng bulwagan at naupo sa bangko sa halamanan. Ang liwanag ng Buwan ay mahinhin at ang simoy ng hanging dumarampi sa kanilang noo ay nagpapaluwag sa kanilang dibdib. Samantalang umaalingawngaw pa ang tugtugan at nag-aalimpuyo ang sayawan ay nagkakanilg naman silang mabuti at naguusap ng maraming bagay na parang matagal nang magkakilala.

Tila nakagaanan agad ng dugo ni Femy si Augusto Soriel, bakit ay magandang lalaki naman at may "titulo" pa. At saka sino ba naman ang naghandog na sa kanya ng pag-ibig? Hindi ba si Don Rosauro lamang na matandang balo at si Mr. Reyes na matanda na'y may pananagutan pa sa buhay? Paanong magkakaroon nga siya ng giliw at paanong titibok ang kanyang puso. Noon lamang siya nakaramdam ng kasiyahan, palibhasa'y noon lamang niya narinig ang gayong mga papuri buhat sa isang makisig na binata.

Pumitas ng isang sariwa at mabangong bulaklak ang binata at pagkatapos samyuin ay iniabot sa dalaga.

—Tanggapin mo ito, Femy, bilang tanda ng aking pag-ibig sa iyo.

—Bulaklak? —ang tanong na tila nagtataka ng dalaga.

—Oo, isang bulaklak na humahalimuyak sa kabanguhan ng aking pagmamahal, —ang maagap na salo ng binata.

—Nguni't gaano katagal nananatiling sariwa at mabango ang bulaklak? —ang matalinong tanong ni Femy.

—Totoong ang tunay na bulaklak ay hindi nagtatagal at nalalanta, nguni't ang bulaklak ng aking pag-ibig ay mananatiling sariwa hanggang sa labi ng libingan.

—Pag-aralan mong mabuti ang iyong sinasabi, at bigyan mo rin ako ng mahabang panahon upang mapag-aralan ko kung ano nga ang tinatawag na pag-ibig.

—Mahabang panahon, gaano kahabang panahon nag dapat kong ipagtiis, Femy? Isang linggo ba? Isang buwan? Isang taon?

—Tungkol sa haba ng panahon ay walang nakatitiyak. Iyan ay mababatay lamang sa mga darating na pangyayari.

Dahil sa mga sagot ng dalaga ay nanahimik ng ilang sandali si Augusto. Tuminga-tingalang tila may iniisip.

—Malamig ang simoy ng hangin at maliwanag ang buwan, —ang sa di-kawasa'y nabigkas. —Naiinggit ako sa kanila sapagka't malayang nakahahalik sa iyong mga rosas na pisngi.

Mahinhing napatawa si Femy sa kanyang narinig.

—Katawa-tawa, ano? —ang dugtong na sabi ng binata. —Talagang sa harap ng iyong kagandaha'y maraming maiisip sabihin ang isang tao.

—Panay na pampatangos-ilong ang sinasabi mo. Ang mabuti'y magbalik na tayo sa bulwagan at baka ako'y hinahanap na nina Glory.

Nang tumindig ang dalaga'y maliksing hinawakan siya sa bisig ng binata.

—Femy, ipinakikiusap ko sa iyo, bago natin iwan ang halamanang ito ay maaari bang marinig ko sa iyong mga labi na ako'y may pag-asa sa aking iniluluhog?

—Ang lalaking ito, —ang tugon ng dalaga. —Ang tao'y hindi dapat mawalan ng pag-asa habang humihinga.

—Salamat, Femy, —ang sagot ng binata na tila nakalasan ng isang buhol sa dibdib. —Isa pang kahilingan, maaari ba?

—Ano?

—Maaari bang maihatid kita ngayong gabi sa inyong tahanan?

—Hindi lamang ikaw ang


(Sundan sa pahina 24)



**Laging Itinatangi ng mga Panauhin**

Kapuri-puring idulot, kasiya-siyang inumin. Sasang-ayon ang inyong mga panauhin, kapag nagdulot kayo ng pinalamig na Serbesang San Miguel—ito'y nagpapakilala ng inyong pihikang panlasa at ng inyong kagandahang-loob!

GAWA AT ISINABOTELYA NG San Miguel Brewery



BUHAY-BUHAY
nina NICANOR at ESQUIVIAS
"GRADWESYON"
"MABUTI'T MAY NAHIRAMAN AKO NG MGA ITO! DANGAN KASI, AKALAIN KO BANG IPAPASA KA NG TITSER MO? TALAGANG DI AKO UMAASANG GA-GRADWEYT KA, SARAGATE KA!"
SUPERINTENDENT BUREAU OF PRISONS
"UMAASA KAMING PAGLABAS MO NG BAKURANG ITO'Y DI MO LILIMUTIN ANG MGA NAITURO SA IYO NG INSTITUSYONG ITO!"
"PA'NO, ITAY, BAKA RAW DI NA KAMI MAGKITA NGAYONG WALA NANG PASUKAN, E! KAYA SUMAMA NA SIYA SA 'KIN..."
"SA 'KYEN HINI NA PAUTANG 'YEN! IKAW SABI SA 'KYEN PAG TAPUSI NA ALAL SA ANAK IKAW MAYAT NA. PELO GLADWEYT NA SA ANAK KAHAPON, WALA PA MAYAT SA UTANG 'YAN!"
"'AUSTERITY' DAW KASI, E... SABI NG PRINSIPAL NAMIN!"

# "forget-me-not"

Katha ni Ver Revalo



• Tunay na Pangyayari

# ANG TINALI

***Pagtatapat ng isang Tindera***

**Ito'y nakatutuwang kasaysayan nakatutuwang papel sa buhay**

SINA TINOY AT SELA ay siya na lamang usap-usapan ng kanilang mga kapit-bahay. Bihirang araw na hindi sila nagkakagalit. Dinig sa ilayo ang boses ni Sela kapag "sinasabon" si Tinoy. Matapang si Sela palibhasa'y angkan ng mga "mandirigma." Ang Lolo ni Sela ay isang Katipunerong kinilala noong kapanahunan. Ang kanyang ama ay isang sundalong nakilaban sa mga Hapon noong nakaraang giyera. Ang isang kapatid niya ay naging boksingero, na bagaman sandali lamang naglaro sa ibabaw ng ring ay nakapagpadugo ng nguso ng ilang nakalaban. Matatapang nga ang angkan nina Sela, kaya naman hindi kataka-takang lumabas din siyang matapang. Ang kaibhan nga lamang ni Sela ay asawa ang laging kinakalaban. At palibhasa'y mabulas ang pangangatawan ni Sela, takot pumatol sa kanya si Tinoy.

Wala namang laging pinagkakagalitan ang mag-asawa kundi ang tungkol sa ugali ni Tinoy. At masasabing may katwiran din naman si Sela. Si Tinoy ay lubhang galante sa mga kaibigan. Malimit na siyang "taya" sa mga inuman kung nababarkada sa mga kasamahan sa pinapasukang pabrika. Kadalasa'y kulang ang iniuuwing suweldo pagka't "nahiraman" umano ni gayon o ganitong kakilala. Hindi nahuhuli sa mga abuluyan, lalu na't kung patay ang inihihingi ng abuloy.

—Ano ka ba namang tao ka! —madalas isinghal ni Sela sa asawa. —Isip mo kung sino kang mayaman kung makapagsabog ng kuwalta! Mahirap naman tayo at halos kulang pa sa ating panggastos ang kinikita mo!

—Para sa atin din ang ginagawa ko, Sela. —malimit namang isagot ni Tinoy. —Kaya ako nakikisama ay para sa atin din. Iba na ang may itinanim na magandang pakikisama sa kapuwa.

—Oo nga. Pero sobra ka naman! Kung minsa'y ipinamimigay mo pa ang para sa ilalamunin natin!

At isip mo masinggan na ang bunganga ni Sela. Hindi matitigil ng kadadaldal hangga't hindi nananaog si Tinoy upang sa kalsada palipasin ang galit ng asawa.

Malimit mang mag-away sina Tinoy at Sela ay hindi naman masasabing wala na silang pagmamahalan. Ang totoo, kapag malamig ang ulo ay malambing si Sela kay Tinoy. Ipinaghahanda pang malimit ng pinesang dalag at relyenong talong na siyang paboritong ulam ng lalaki. At malimit din silang manood ng sine, laluna kung koboy ang palabas, na siyang gustung-gustong panoorin ni Sela. Magkaabresete pa silang maliimit kapag nasa daan. At pagdating ng bahay ay nagsusubuan pa sa pagkain. Anupa't kung hindi nga lamang sa malimit nilang pagkakagalit, ang pagmamahalan nina Tinoy at Sela ay masasabing isang huwaran. At kung hindi lamang sa pagiging masyadong galante nga ni Tinoy, hindi siguro magkakagalit ang mag-asawa.

Subali't sa di maiwasang malimit na pagkakagalit ng dalawa ay si Sela na rin ang tila unang tinutubuan ng hiya. Ito'y nang magdalang-tao si Sela sa unang anak nila ni Tinoy. At isang gabi, kinausap ni Sela ang asawa.

—Magkakaanak na tayo, Tinoy. Magbago ka na naman sana ng ugali mo. Kung hindi ka magbabago ay kawawa ang ating anak. Baka ni hindi natin mapapag-aral...

—Hayaan mo't pipilitin ko, Sela, —sagot naman ni Tinoy. —Buhat ngayon, alang-alang sa ating magiging anak, ay sisikapin kong baguhin na ang aking sarili. Naiisip ko rin ngang tila mali naman ako sa aking mga ginagawa.

Sapagka't malamig ang ulo, hinaplus-haplos pa ni Sela sa ulo ang asawa.

—Ma'no na nga sanang matupad mo ang iyong salita, asawa ko, at nang hindi na tayo nagkakagalit, —ang sabi pa ni Sela. —Ang tutoo'y nahihiya na ako sa ating mga kapit-bahay. Tayong dalawa na lang ang naririnig.

Buhat nang gabing iyon, bihira nang marinig ng mga kapitbahay ang boses ni Sela. Bihira nang magkagalit ang mag-asawa. Ang gayo'y hindi dahil sa ganap na ngang nagbago si Tinoy. Si Sela ang nakaisip ng isang pagbabago. Tuwing araw ng suweldo sumasama na siya kay Tinoy sa pinagtatrabahuhan nito. Siya ang tumatanggap ng sahod ng asawa. Kaya gusto mang gumalante ni Tinoy ay hindi na magawa. Hustung-hustong pangmirindal lamang at pamasahe ang itinitira ni Sela sa bulsa ng asawa.

Hindi lamang iyan. Malimit kapkapin ni Sela ang bulsa ni Tinoy. Kapag nakitaan niya ng perang kinita sa pag-oobertaym o sa anomang dilihensiya, nililimas niyang lahat. Hustung-hustong baon lamang ni Tinoy sa kinabukasan ang kanyang itinitira. At hindi naman makaungol man lamang si Tinoy. Bukod sa takot siyang magkagalit na naman sila ni Sela, nahihiya na rin siyang marinig uli ng kanilang mga kapitbahay. Sa gayon ay naging mapayapa na ang pagsasama nilang mag-asawa.

Isang araw, umuwi si Tinoy na may dalang manok na bulik. Umano'y iniregalo iyon sa kanya ng isang kasama sa trabaho na nagawan niya ng pabor.

—Aanhin mo 'yan? —ang tanong ni Sela. —Huwag mong sabihing mag-aaral ka namang magsabong ngayong napipigil ko ang labis mong paggasta!

—E, ano naman kung matuto man akong magsabong paminsan-minsan, —sagot ni Tinoy. —May panalo naman ang sabong a. Saka, ang ganito'y nakalilibang sa akin dito sa bahay. Alam mo namang iniiwasan ko na ang pakikibarkada.

Hindi na sumagot si Sela. Naisip niyang hindi naman masamang mag-alaga ng sasabungin si Tinoy. May panalo nga naman ang sabong. Kung isabong ni Tinoy ang manok at palarin, sa kanya rin mauuwi ang panalunan. Hindi naman masama ang magsabong paminsan-minsan, naisip pa niya. Ang kumpareng Daniel nila, na isang taong maginoo at pinagpipitaganan sa kanilang pook, ay nagsasabong din paminsan-minsan. Hindi kahiya-hiya magsabong man si Tinoy, lalo't ito ang pagkakalibangan ng kanyang asawang nagbabago na ng ugali.

Ang ipinagtataka ni Sela, nakalipas na ang dalawang buwan ay hindi isinasabong ni Tinoy ang manok. Hahang-gang sa hinihimas-himas sa



tutunaw sa kahihiyan. Napansin niyang sa kanya nakatingin ang karamihan, at sa pakiwari niya'y pinagtatawanan siya dahil sa "pagkabuko" o pagkapahiya sa pakikipagsayaw kay Shirley.

Nang usisain siya nina Berting kung ano ang nangyari ay hindi siya sumagot. Nanatiling nagtitiim ang kanyang mga bagang. Ibig niyang mamuhi kay Shirley dahil sa pangyayaring iyon, nguni't parang tumututol naman ang kanyang puso. Paano niya maaaring kamuhian ang isang babaing naging kaulayaw niya sa alaala at pinanabikan niyang makita sa loob ng mga nakaraang araw? Subali't tila hindi naman niya mapalalampas ang pangyayaring iyon. Hindi man kay Shirley ay ibig niyang ipakilala sa ibang naroroon, na siya'y isang lalaking hindi maaaring abahin ng sinumang [illegible] — kahit na ng pinaka[illegible]pang babae sa buong daigdig. Ang akala niya'y hindi man lamang siya sinagot ni Shirley nang hilingan niya ito ng sayaw sapagka't hindi nga niya narinig ang salita ng dalaga. Ang gayo'y ipinalalagay niyang isang paghamak sa kanyang sarili. At iyon ang hindi niya matatanggap. Mangyari na ang mangyayari!

Humingi si Zaldy ng isang kopita ng matapang na alak at tinungga! Humingi pa uli ng isa... at ng isa pa.

Makalipas ang ilang sandali, nakaramdam na siya ng bahagyang pag-iinit ng katawan.

Napansin ni Ronnie ang kahina-hinalang ayos ni Zaldy.

—Baka naman may iniisip kang kung ano, e alalahanin mong magiging kahiya-hiya tayo, —ani Ronnie. —Pasensiya ka na kung napahiya ka man. Talagang ganyan...

—Hindi ako napakahamak na tao upang gumawa ng kahihiyan sa harapang ito, Ronnie, —sagot ni Zaldy na kay Shirley nakatuon ang paningin. Umiindak pa rin sa gitna ng bulwagan ang dalaga pagka't hindi pa natatapos ang tugtog.

—E, bakit uminom ka ng alak? —tanong naman ni Berting. —Alam kong meron kang iniisip, pero kung ano man iyon ay huwag mo nang ituloy. Alalahanin mong narito tayo sa Jusmag. Hindi maaari rito ang binabalak mong gawin.

—Sinabi ko na sa inyong hindi naman ako napakahamak na tao, —tila galit nang ulit ni Zaldy sa kanyang sinabi. —Sa ano mang pangyayari ay hindi ko nakakalimutan ang magpakamaginoo. Huwag kayong mag-alaala, ipakikilala ko lamang sa lahat na ako'y hindi naman "bale wala," na ngayon din ay makababawi ako sa aking pagkapahiya...

—Ano nga ang ibig mong sabihin? —usig ni Ronnie na di napapawi ang masamang hinala sa iniisip ng kasama.

Siyang pagtatapos ng tugtog. Nagsibalik na sa kani-kanilang upuan ang mga nagsipagsayaw. Makailang-saglit, muling tumugtog ang orkesta. Kasabay ng pagpapailanglang ng tugtugin, na isa namang maharot na "boogie", ay maliksing tumayo si Zaldy at maliksi ring lumapit kay Shirley.

Halos di nagsisihinga sina Berting at Ronnie at ang iba pang kasama habang sinusundan ng tingin si Zaldy. May pangambang hinintay nila ang magaganap na pangyayari...

**Ano ang masasaksihang tagpo sa mga sandaling iyon? Ano ang gagawin ni Zaldy bilang kahulugan ng binitiwan niyang mga pangungusap?**

**Abangan ang karugtong!**

--oOo—

# *Buwan:...*

**(KARUGTONG)**

ang maitim at nakatatakot na kaanyuan ng isang hayop na tumatawid sa **National Road.** Isang kalabaw, bahagya na niyang naisip iyon, sa biglangbiglang pagtitilian ng mga pasahero. Naramdaman niya ang parang itinutulak na paggiwang ng sasakyan. Hanggang sa isang nakabubulag na pagsasama ng liwanag at kadiliman ang naiwang gumuguhit sa kanyang paningin, pagkatapos ng isang nakabibinging ingay.

Nang maimulat niya ang kanyang paningin at unti-unting pagbalikan ng kamalayan ay matagal bago nakakilos. Tanging mga mata at pag-iisip ang hinayaan niyang gumalaw sa loob ng sasakyan. Sindi ang mga ilaw sa bubungan niyon.

Napapikit siya sa kirot na biglang-biglang gumuhit sa kanyang hita at sintido. Sinalat niya ang kanyang paa. Parang sa buto nagmumula ang kirot. Ipinahid niya ang kanyang bisig sa mukha. Bakit parang madilim ang ilaw? Bakit parang may humihilamos sa kanyang mga mata?

Mapulang-mapula ang kanyang bisig nang tingnan sa liwanag ng ilaw. Gumapang ang pangamba sa kanyang katauhan. May sugat siya!

—Kailangan kong makalabas... makalabas...

Pinilit niyang gumapang. Kailangan niyang makalabas, makuro kung saan iyon nagmula; ang mga katawang parang hinalukay sa loob ng sasakyan ay iisa ang kaanyuan. Isa pang daing ang kanyang narinig.. Sa gawing unahan iyon nagbuhat. At isa pa uli. Nagpatuloy siya sa paggapang. Kailangang makaakyat siya sa **National Road.** Kailangang makahingi siya ng tulong sa magdaraan. Kailangang masabi niyang may sasakyang bumulusok sa banging yaon.

Kagyat ang pagkabatid niya sa bagay na kanyang nahawakan. **Porfolio!** Iyon ang **portfolio** ng matabang **lalaki na** nananabako kangi-kangina. Pinilit niyang makaupo. Nakasuot ang tatangnang katad niyon sa mga daliri ng lalaki. Mahigpit na **nakakuyom ang** mga daliri. Tiningnan niya ang lalaki. Isang pangit na sugat sa mukha ng lalaki ang tumitig sa kanya. Patay na ang lalaki.

Nanginginig ang kanyang mga kamay nang tuklapin sa pagkakakuyom ang mga daliring kinasusuotan ng tatangnan ng **portfolio.**

—Pagkakataon ko na ito... suwerte ko na ito... kailangan kong makalayo... makalayo ... makalayo...

HINDI PA SIYA nakalalayo nang marinig niya ang umaangil na mga gulong sa aspalto. Napatigil siya sa paggapang at mariing tumanaw sa **National Road.** Isang sasakyan ang nakatigil sa tabing daan. Gumuguhit sa kadiliman ang liwanag ng pang-unahang ilaw niyon. Kinipkip ni Nato ang **portfolio** at nagpasimulang umusad.

Sino ang makababatid na isa siya sa mga pasahero ng napahamak na sasakyan? Sino ang maghihinalang nakaalis siya roon? Wala. At walang makapagsasabi kahi't may mabuhay sa mga pasahero. Walang nakakakilala sa kanya doon. Ngayon, ang mahalaga'y makalaya siya... makalayo. Sinalat niya ang **portfolio.** Nangangawit na ang kanyang bisig sa pagkipkip doon. Nguni't makarating na makarating lamang siya sa isang punungkahoy o gubat na mapangungublihan ay mabubuksan na niya iyon. Hindi siya dapat mainip. Mahaba ang gabi. Nasa kanya ang lahat ng pagkakataon at panahon.. Kailangan muna niyang makalayo .

Hinayaan niyang lumatag ang kanyang katawan nang matagal na sandali bago siya nag-angat ng mukha sa pagkakasubsob. Nilingon niya ang kanyang pinagmulan. Naroon pa ang sasakyan sa ibabaw ng **National Road.** Buhay pa ang pang-unahang ilaw niyon .Sumandal siya sa puno. Isa iyong malabay na punong mangga, hindi niya maipagkakamali ang sugat-sugat na katawan niyon. Muli niyang sinalat ang **portfolio.** Dumukot siya sa bulsa ng polo. Sino ang magaakalang magagamit niya ang posporong yaon sa gayong pagkakataon. Buti't hindi iyon nawala. Ligtas kaya kung magsigarilyo siya habang binubuksan ang **portfolio?**

—Saka na... —naisip niya. —Kapag nagkataon ay wala akong gagawin kundi kumain, manigarilyo!

Hinatak niya ang tatangnan ng siper, at ang nalikhang langitnigt niyon ay nanuot sa kanyang isip. Nadama niya ang pagkabiyak ng dalawang panig ng **portfolio** at ang pagsabog ng mga papel sa kanyang kandungan. Ikiniskis niya ang palito sa gilid ng posporo. Hi-

**(Sundan sa pahina 31)**





Tila namamalikmata si Ramir (Cesar Ramirez) sa harap ng kariktan ni Durindana (Rossana Recto) sa tagpong ito sa "RAMIR" ng Everlasting. Pinamamahalaan ni Direktor Ramon A. Estella, ang pelikulang ito'y malapit nang itanghal.



Hanggang sa pagpapagupit ay tila inaalagaan pa ni Direktor Armando Garces ang tatlong artista niya sa "MADALING-ARAW" ng Sampaguita — sina Romeo V[illegible] Juancho Gutierrez at Carlos Salazar. Ito'y kuha sa Bagyo, samantalang n[illegible] sila roon na kasama sina Amalia Fuentes, Susan Roces, Rosa Mia at i[illegible]

# ibа't ibang kulay sa puting tabing

ni eddie



Ano kaya ang tinatanaw ng barkada sa tagpong itong kuha sa "BARKADA" ng LVN? Ang magkakasama sa larawan ay sina Lou Salvador, Jr., Hector Reyes, Ike Jarlego, Jr., Bebong Osorio, Robby Villar, Ding Royo at Boy Buencamino.



Sina Aida Cariño at Mona Fernandez, ang nagsisiganap ng mga pangunang papel sa "ZORINA" ng Champion Pictures. Dahil sa dalawang bituing ito, nagkakapustahan ngayon ang mga taga-Champion ng isang pustahang kaiba sa karaniwan.

**NAGLULUKSA** ngayon ang Sampaguita Pictures dahil sa pagyao ng isa sa pinakamatatapat at masisipag niyang tauhan, si Luis Liwanag.

Si G. Liwanag ay mahal ng lahat nang taga-Sampaguita. Utang sa kanya ang malaking bahagi ng tagumpay sa publisidad at pagpapaanunsiyo at malaki rin ang naitulong niya sa iba pang bagay na mahalaga sa kapakanan ng samahan.

Sa pagyao ni G. Liwanag, o ni Lusing, gaya ng tawag sa kanya ng marami, ay "napilayan" ang Sampaguita.

Ani Dr. Jose Perez, isang gabing makipaglamay sa yumao nang nakaburol sa punerarya Paz: —Napakabuting tao ni Kumpadreng Luis! (Inaanak sa binyag ni Dr. Perez ang isa sa mga anak ng yumao). Kalungkut-lungkot at nakapanghihinayang ang maaga niyang pagpanaw!

At di mapag-aalinlanganan ang sinabi ni Dr. Perez. Sa loob ng panahong nakaburol ang bangkay, marami ang nakidalamhati sa pamilya ng mga Liwanag. Makapal na tao rin ang nakipaglibing nang ihatid ang yumao sa huling hantungan. At marami ang nagpabaon ng mga patak ng luha. Ang gayo'y isang katunayan ng kabutihan ni Luis Liwanag at ng itinanim niyang magandang pakikisama sa kapuwa. Kaya nang siya'y yumao, inani naman niya ang pakikiramay at pakikidalamhati ng marami.

*Nakikiramay kami sa mga taga-Sampaguita at sa mga naulila ni Lusing... at idinadalangin naming nawa'y maging mapayapa ang kanyang kaluluwa sa kabilang buhay!*

—oOo—

SI ACEYORK, anak nina Cesar Ramirez at Alicia Vergel, ay sumusunod na rin sa mga bakas ng kanyang ama't ina. Sa kasalukuya'y gumagawa siya ng pelikula sa estudyo ng Everlasting Pictures — ang Ramir, na ang pangunang papel ay tinutupad ni Cesar..

Maganda ang ipinamamalas ni Aceyrok sa kanyang mga pagganap sa harap ng kamera. Ang lahat ay nagsasabing naghihintay sa kanya ang isang "magandang kapalaran" sa larangan ng pelikula.

Parang napapaangat naman sina Cesar at Alice kapag naririnig ang mga papuri sa kanilang anak. Mangyari pa, sila ang mga magulang ni Aceyork at nasa kanila ang karangalan..

—oOo—

**ILANG** panauhing Amerikano na pinangungunahan ng "scriptwriter' 'na si John Barnwell ang dumalaw sa estudyo ng LVN kamakailan. Sa kahilingan na rin ng mga panauhin, dinala sila sa "projection room" upang panoorin ang Rebelde ni Artemio Marquez. Ang nagsama sa kanila ay si Temiong at si Mike Accion, ang "cameraman" ng nabanggit na pelikula.

Dili ang di humanga sina Mr. Barnwell sa kagandahan at makasining na pagkakayari ng pelikula. Pinuri nila ang direktor ng "Rebelde", gayundin ang potograpo o "cameraman". Ngingiti-ngiti lamang sina Temiong at Mike.

Nang magsilabas ang lahat sa "projection room" at ipakilala nina Temiong ang kanilang sarili, nagulat pa ang mga amerikano... at malugod na binati ang dalawa.

—oOo—

DALAWA pang malaking produksiyon ang inihahanda ng C. Santiago Film Organization — ang **Las Vegas Affair** at **Ticket to Nowhere** na kapuwa isasapelikula sa Estados Unidos. Si Direktor Eddie Romero ay tutulak na patungong Amerika sa papasok na buwan upang ihanda ang mga pook ng "location" ng gagawin ni lang pelikula. Pangangasiwaan din niya ang pagtatanghal sa Estados Unidos ng **Man On The Run.** Susunod kay Direktor Romero si Cirio Santiago pagkatapos ng SEA Film Festival.

Ang **Las Vegas Affair** ay buung-buong isasapelikula sa Las Vegas, Nevada, samantalang ang **Ticket to Nowhere** (na papalitan ang pamagat) ay gagawin naman sa San Francisco, California..

—oOo—

**NAGKAPUSTAHAN** ngayon ang ilang tauhan ng Champion Pictures, ngunit hindi sa anumang laro o sugal kundi sa dalawang bituin ng samahan — sina Aida Cariño at Mona Fernandez.

Kahangahanga ang ipinamalas ng dalawang bituin mga siyuting na Zorina na pinamamahalaan ni Direktor Consuelo P. Osorio. Sa kasaysayan ng mga pagganap n




***LEONOR VERGARA***
***ng Premiere Productions***